

# 1

Gustong sampalin ni Cadence ang walanghiya, pero hindi siya gagawa ng eksena sa isang kagalang-galang na pagdiriwang. Masakit ang pigi niya kung saan siya kinurot ni Cyrus—ang kanyang stepbrother—at ngayon, gumawa pa ito ng kissing sounds nang daanan siya nito.

Binigyan niya ito ng isang neutral na ngiti at itinuoon ang paningin sa larawan ng kanyang ama. “Bakit pumayag kang tawaging ama ng gagong iyon?”

Pinagmasdan siya ni Edward gamit ang mga matang kakulay ng sa kanya. Inasahan nitong lagi siyang magpakita ng katapangan sa mundo, na laging ngumiti, at magbigay ng impresyon na maayos ang lahat.

Tumirik ang kanyang mga mata na para bang ang kanyang ama talaga ang kausap niya at hindi isang painting lamang. “Okay, kaya ko siyang pagtiisan for appearance’s sake. Pero pagkatapos ng party na ito, lalayas na talaga ako.”

Hinawakan ni Cadence ang inukit na antigong frame. Ginawa ang painting noong unang taon ng

ama bilang alkalde, noong kabataan nito. Nanatili sa ginintuang kahoy ang kanyang kamay. Halos bumaliktad ang sikmura niya sa matamis na amoy ng lemon polish na masyadong masangsang, masyado pang bago.

Nakalulungkot isipin na hindi sila nito naging malapit matapos mamatay ng kanyang ina. Matapos ang 9/11, naging paghihinagpis ng isang bansa ang kanilang paghihinagpis. Kung bakit nasa *South Tower* ang kanyang ina nang umaga na iyon, walang nakapagpaliwanag. Pagkatapos, muling nag-asawa ang alkalde.

Ngayon, sa araw ng pagtatapos ni Cadence sa kolehiyo, hiniling niya sa pang-isanglibong beses na sana narito ang kanyang mga magulang para madiwang kasama niya. Damang-dama niya kung gaano niya nami-miss ang mga ito at kung gaano siya nag-iisa.

Muling sumiklab ang kanyang galit at humugot siya ng malalim na hininga bago mabagal iyong pinawalan. Ayaw niyang may makakita na saglit na nawala ang kahinahunan niya.

Iyon lang, hindi naman masama ang maawa sa sarili nang kaunti, hindi ba?

“Halika na, Dear, hindi mo dapat pinababayaan ang mga bisita mo.”

Nangalisag si Cadence. Ayaw na ayaw niya ng lambing sa tinig ng madrasta niyang si Victoria. Hindi siya nito maloloko. Hinihintay lang ng babae ang pagkakataon para masaktan ang stepdaughter nito na hindi nito magawang pamahalaan.

Bumaling siya at nakita sila—si Victoria na siya na yatang pinakamagandang ehemplo ng evil stepmother, at ang kambal na sina Sybil at Cyrus—magkakasama. Alam niyang may oras pa siya. Aasikasuhin ng mga ito ang kanilang mga bisita hanggang sa magpaalam ang kahuli-hulihan sa mga ito bago ilalapit ng mag-iina ang mga reklamo at hiling.

Hindi niya maaaring ipakita ang pagkamuhi. Wala siyang ipapakita sa mga ito. Itinuro sa kanya ng ama ang kahalagahan ng pagpapanatili ng kontrol sa mga nadarama niya.

*“Huwag na huwag mong ipapakita na naapektuhan ka,”* babala ng alkalde sa kanya noon. *“Lalo na ang mga kaaway mo.”*

Lagi niyang binibigyang-pansin ang babala nito, sinubukang umasal nang mabuti. Gustung-gusto niya

na maipagmalaki siya nito.

“Sorry,” sabi ni Cadence kay Victoria. “Gusto ko lang ng ilang sandali kasama ng tatay ko.”

Tumango ang babae, malamang nag-aakalang naiintindihan nito eksakto ang nadarama niya.

Mabuti na lang at mahina ang mga tinig ng mga bumabati sa kanya. Karamihan sa mga iyon ay kaibigan ng kanyang ama at madrasta, nagkukuwentuhan tungkol sa mga walang kakuwenta-kuwentang bagay at, sigurado ni Cadence, sabik malaman kung sino ang mga dumalo at makita sila ng mga dumalo. Mayamaya lang, magdadahilan na ang mga ito at aalis para makadalo sa susunod na party.

Perpekto ang salu-salo. Isa sa pinakamagagaling sa siyudad ang caterer. Hindi siya nag-ilusyon na para sa kanya talaga ang handaan, pero nagpasalamat pa rin si Cadence.

Sanay na sanay si Victoria na brasuhin ang society set. Malaki ito kung gumastos at hindi mapipigil ang ambisyon. Parang mga lintang humigop sa bank account ng kanyang ama ang tatlo.

Mula nang mamatay ang mayor, isinaisatabi siya ni Victoria para ipangalandakan ang dalawa nitong anak habang dumadalo sa mga charity functions,

fundraiser at iba pang salu-salo ng alta-sociedad. Tinrabaho nito nang husto ang pananatili ng atensyon ng mga tao sa anak nitong si Cyrus.

Alam ni Cadence kung ano ang nangyayari. Balak pagsamantalahan ng madrasta at ng mga anak nito ang reputasyon ng kanyang ama, angkinin ang tagumpay at magpakasasa sa popularidad nito. Hindi tulad niya, gustung-gusto ng mag-iina ang politika at mga politiko. Ginamit nila ang pangalang Burke para iangat ang kanilang mga sarili sa lipunan. Ang pangalan na sa opinyon niya ay wala itong karapatang gamitin.

Hindi siya nagdududa na may eleksyon sa hinaharap ni Cyrus. Pero ang ina nito ang magiging kapangyarihan sa likod ng trono. Tiyak na magiging katawa-tawa ang binata bilang opisyal na inihalal. Wala itong pakialam sa iba maliban sa sarili nito. Malamang gagamitin pa nito ang opisina para magpayaman. Madudumihan lang ng iskandalo ang pangalang Burke.

Ayaw niyang maging bahagi niyon.

Walang iniwang mantsa ang kawalang-atensyon ni Victoria sa kanya. Gayunpaman, mas gusto iyon ni Cadence. Wala siyang panahon para sa mga parties at fundraisers. Kumuha siya ng degree sa art history at

gumawa ng mga bagong kaibigan. Wala sa kanila ang imbitado sa salu-salong ito, pero hindi niya binanggit ang kabiguan niya roon.

Ngayon ay araw niya para magdiwang at pipilitin niyang maging magalang.

Sinamahan niya ang pamilya habang nagpapaalam sa mga bisita.

“I had a wonderful time,” sabi ng isang matandang babae na naging isa sa pinakamalalaki ang naiambag sa kampanya noon ng mayor.

“Mabuti po at nakadalo kayo,” sinsero na saad ni Cadence at hinalikan ang babae sa pisngi. Tinanggap nito ang halik at inabutan siya ng isang kulay abuhing sobre.

“Maliit na bagay para sa gastusin mo,” sabi nito na may maikling tawa. Nang mapasalamatan ito ni Cadence, binalingan nito ang babae sa tabi niya. “Victoria, dapat ipagmalaki mo ito. Kailangan mong ipadala sa ’kin ang card ng caterer na inupahan mo. I loved, loved, loved the *amuse-bouche*.”

“Ikagagalak kong ibigay ang pangalan niya sa ’yo, pero kailangan natin iyong isikreto,” sabi ni Victoria na pinahina ang tinig hanggang sa tila ba maging bulong na ito ng isang tao sa kasabwat.

Kuminang ang mga mata ng matanda. Alam ni Cadence na lagi nitong nakukuha ang gusto. Matalino naman si Victoria para sundin ang kapritso ng babae.

“Salamat sa party, Victoria,” ani Cadence. “Na-appreciate ko ang mga ginawa mo.”

“Siyempre aasahan ni Edward ang isang selebrasyon. Kung sakali, ipagmamalaki niya na makita kang accomplished na.” Sinabi nito ang mga salita na para bang sinaulo, ni walang bakas ng katapatan.

Ibinulong ng iba pang mga nasa loob ng silid ang kanilang pagsang-ayon. Matagumpay na ngumiti si Victoria. Mapagmahal na madrasta nga naman ito.

Si Cadence naman ay ang masunurin at laging nakangiting stepdaughter. *Ugh.*

Nagpaalam siya sa iba pang mga bisita, pinasalamatan ang mga ito para sa mga regalo at sa pagbati ng congratulations. Nanatili si Victoria sa kanyang tabi. Nakipagkamay ito at humalik sa mga pisngi, tumawa at tinanggap ang bawat papuri tungkol sa magarbong handaan na may pekeng pagpapakumbaba na nagbuhol-buhol sa sikhura ni Cadence.

Naisip niya na baka naghahanap na ito ng

mayamang mapapangasawa ng masasama nitong mga anak. Halos tatlong buwan nang patay ang kanyang ama. Naubos na ba ni Victoria at ng mga anak nito ang perang ipinamana ng tatay niya sa mga ito?

Wala na siyang pakialam. Walang kadudadudang makakahanap sila ng isa pang mayamang pamilya na huhuthutan.

Habang mas nadaragdagan ang mga bisitang umaalis, naririnig niyang nagbubulungan ang kambal sa likuran niya. Baka nagrereklamo kung gaano kaboring ang handaan. Hindi niya masisisi ang mga ito. Malamang hindi naging madali ang pagkukunwari para sa mga ito sa graduation party niya.

Ang huling bisitang umalis ay ang dating law partner ng kanyang ama. Naalala niya ito na nagpupunta sa bahay ng mga magulang noong bata pa siya, at laging may dalang mga regalo—isang manyika galing *American Girl*, isang charm bracelet galing *Tiffany's*. Nang mamatay ang kanyang ina at muling nag-asawa ang ama, dumalang na ang pagdalaw ng abogado. Noong pumasok sa politika si Edward, nangasim na ang pagkakaibigan ng dalawa at ganoon din ang partnership.

“Tingnan mo nga ikaw,” sabi nito. “Dalaga ka na.”



“Natutuwa po ako na nagpunta kayo. It’s good to see you again.”

“Laging sinasabi ni Ed na ikaw ang matalino sa pamilya.” Naglagay ito ng isang card sa palad niya at itinulak pasara roon ang kanyang mga daliri. Hindi umalis sa kanyang mga mata ang mga mata nito habang hawak ang kanyang kamay.

Tumungo ito na para bang hahalikan siya sa pisngi at bumulong sa kanyang tainga. “Kung kailangan mo ng tulong, at may hinala akong kakailanganin mo nga, tawagan mo ang numero sa card.”

Hinalikan siya nito sa pisngi at naamoy niya ang cologne nito at ang amoy ng tabako.

Hindi siya nangahas na tingnan ang card, pero sinulyapan niya si Victoria. Napansin ba nito? Parang hindi naman nito nakita ang palitan nila ng abogado. Tungkol saan kaya iyon? Bakit masyadong masikreto ang dating partner ng kanyang ama?

Hula ni Cadence na may kinalaman ang pag-iingat ng lalaki sa kanyang mana. Ayon sa will ng ama, makukuha niya ang kanyang share sa pera sa ika-dalawampu’t anim niyang kaarawan. Mag-twenty-six na siya sa susunod na dalawang linggo.

Hindi niya iyon nakalimutan. Malamang hindi

rin iyon nakalimutan ni Victoria.

Nag-unahan ang mga pangit na kaisipan sa kanyang utak, pinaaalala sa kanya na ahas ang babaeng iyon. Nanatili siyang malayo rito nang halos tatlong taon. Hindi siya makapaghintay na makapagpaalam. Kung susuwertehin siya, hindi na niya kailangang makita pa ang mga ito.

“Puwede bang umakyat na ako sa kuwarto ko?” Umirap si Sybil nang umalis ang kanina ay kausap niya at isinara ni Victoria ang pinto sa likuran ng lalaki.

“Hindi pa,” sagot ng madrasta niya. “May mahalagang bagay pa tayong kailangang pag-usapan kasama ang kapatid mo. Doon tayo sa parlor kung saan mas komportable.”

Sabay na bumulong ng pagtutol ang magkapatid. Pinangunahan ni Victoria ang prusisyon patungo sa magarang silid at naupo ito sa leather sofa. Naupo ang kambal sa tabi niya.

Naupo si Cadence sa tapat ng mga ito sa pangit na imitasyon ng isang Louis XV chair.

“May inaasahan kang pera mula sa iyong ama,” walang preambulong saad nito. Maaasahan talaga ang kanyang madrasta na dumerecho sa punto.

Nagpasya si Cadence na hindi hahayaang maapektuhan siya ni Victoria, pero hindi siya puwedeng umalis ngayon. Kailangan niyang makinig sa babae habang nililista nito ang mga habilin ng kanyang ama. Walang duda, may kasama iyong pagsisisi.

“Alam ko na makukuha ko ang parte ko sa mana sa kaarawan ko,” sagot niya. Siyempre, hindi na iyon bago sa kanyang madrasta.

Ngumuso si Victoria. Nagmukhang laslas sa bibig ang lipstick nito. Banat sa lubog nang cheekbones nito ang balat sa mukha. Kumikinang sa pagkamuhi ang mga mata nito at lumayo si Cadence.

“Nagkaroon tayo ng hindi pagkakaunawaan tungkol doon.” Laging nagsasalita ng may bahagyang English accent ang kanyang madrasta kahit pa sa Staten Island ito ipinanganak at lumaki.

“Hindi pagkakaunawaan?” Sumimangot si Cadence. Hindi niya alam kung ano ang ibig sabihin ng babae o kung ano ang gusto nito, pero hindi iyon magiging maganda.

“Tama. My dear Cadence, mapagbigay ang mayor pero sa kasawiang palad, hindi siya mayaman.”

“Ano’ng pinagsasasabi mo? Nakatanggap ang

tatay ko ng malaking mana galing sa nanay ko nang mamatay ito.”

Bumaling ang paningin ni Victoria sa mga anak at binigyan ng ngiti ang mga ito. “Matagal na iyon, mahal ko, at may mga pinagkakagastusan tayo.”

Napuno ng tensyon si Cadence. “Alam kong nag-iwan ang tatay ko ng malaking allowance para sa ‘yo.’”

“Maliit na halaga lang,” tugon ng babae.

*Hindi maganda ito*, pasya niya. Ano ang kinalaman ng financial situation ni Victoria sa mana niya? Tumuwid siya sa pagkakaupo at hinarap ang tatlong demonyo.

Pinagmasdan siya ng malalamig, kulay abo, at nagkakalkulang mga mata; hinahamon siya.

“Mabait na asawa si Edward,” saad ni Victoria na malamig at mahinahon ang tinig. “Mabait na ama.”

Hindi niya mapigilang mapansin na may isang bagay sa tono nito. Superiority? Tagumpay? Nakaismid ang dalawa nitong kampon na parang alam ng mga ito kung ano ang susunod na mangyayari.

“Ano’ng gusto mong sabihin, Victoria?”

“Hindi mo alam?”

*Malamang.*

Pinagsaklob ni Victoria ang mga kamay sa kandungan. “Iniwan sa akin ng ama mo ang kontrol sa kanyang mga ari-arian.”

“Tayong dalawa ang iniwan niya bilang trustees.”

“Diyan ka nagkakamali. Pinalitan ni Edward ang will niya bago siya mamatay.”

“Ang s’abi niya sa ’kin...”

“Umalis ka para pumasok sa eskuwela at bihira ka naming makausap. Sasabihin niya dapat sa ’yo, pero hindi siya makahanap ng pagkakataon.” Malalim na bumuntong-hininga ang babae na tila ba pinagsisisihan ang kailangan nitong susunod na sasabihin. “Kapag may kinonsulta kang abogado, na sa tingin ko naman ay gagawin mo, malalaman mo na legal ang bagong will ng iyong ama.”

Siyempre wala siyang alam tungkol sa ikalawang will. Wala siyang kaalam-alam.

“Victoria, hindi ko alam kung ano ang sinasabi nitong ikalawang will, pero may karapatan ako sa mana ko.”

Malupit ang ngiti ng babae. “Nagkakamali ka.”

“Hindi ako nagkakamali.” Nilabanan niya ang namumuo nang galit. “Hindi ako papayag na maantala na naman ang pagtanggap ko ng pera ko.”

Si Victoria ang unang nag-iwas ng tingin. “I’m sorry, pero sa akin iniwan ni Mayor ang lahat.”

*Ano!* Naramdaman ni Cadence na namutla siya. Sigurado siyang kakulay niya ang mga puting rosas na nasa mga plorera sa loob ng silid. Humigpit ang pagkakabuhol sa sikmura niya. Hindi maaaring tama ito. Pandaraya lang ng babae ito; isang baluktot na plano para nakawin ang pera niya.

“Hindi ako naniniwala sa ’yo,” asik ni Cadence bago siya pasuray-suray na tumayo. Hindi na siya makikinig sa mga kasinungalingan ng madrasta.

“Nabigla ka lang,” ani Victoria.

*Sa tingin mo?*

Huminga siya nang malalim. Hindi siya masisiraan ng loob sa harap ng madrasta. “Sasabihin sa akin ni Mayor kung papalitan niya ang will niya.”

“Iyon ang intensyon niya, pero biglaan ang pagkamatay niya—”

“Hindi mo mananakaw sa ’kin ang mana ko,” sabat ni Cadence.

Sabay na suminghal sina Sybil at Cyrus. Kapuna-puna ang pagiging kalmado ng ina ng mga ito. “Wala ka namang magagawa.”

Pinanatili niyang walang ekspresyon ang mukha, pero umuugong ang kanyang utak. Masyadong maraming nangyayari nang sabay-sabay. Sumisigaw ang isang parte niya na hablutin ang bag at magmadaling umalis at huwag nang muli pang tingnan ang mga ito. Pero ang isang maliit na bahagi ng isip niya ay nagmakaawa na manindigan siya at huwag hayaan na talunin siya ni Victoria.

“Gusto kong makita ang bagong will,” aniya.

“Of course.” Bumuntong-hininga si Victoria. “Inasahan ko na ang pagtutol mo at ang mga magiging problema mo.” Tumayo ito mula sa kinauupuan at kinuha ang isang manila envelope mula sa isang maadornong mesa. “May kopya ako para pag-aralan mo. Mapapansin mo ang petsa. Ito ang pinakabago at papalitan nito ang iba pa. Inilipat ng mayor ang lahat sa akin.”

Hinawakan ni Victoria ang envelope sa harap niya.

Hinablolot ni Cadence ang sobre. Nag-ingat siya na hindi mahawakan ang mahahaba at maninipis na

daliri ng madrasta na kulay tuyong dugo ang mga kuko. Nagpapaalala ang mga iyon sa kanya ng mga punyal.

Ang naiisip lang niya ay *bagay na bagay*.

Naupo si Victoria at itinupi ang mga kamay sa kanyang kandungan.

Binuksan ni Cadence ang envelope. Nadarama niya ang tatlong pares ng mga mata na nakatitig sa kanya. Pumikit siya. Mabuti pang kontrolin na niya ang mga emosyon. Umaasa si Victoria na magko-collapse siya. Alam nito kung ano ang ginagawa nito. Alam ng babae kung gaano siya nagdurusa. Inaasahan nito ang pangyayaring iyon, baka ini-enjoy pa.

Nagmulat siya ng mga mata at tiningnan ang mga hawak na dokumento.

Ang unang papel ay ang marriage certificate nina Edward C. Burke at Victoria F. Hahn. Ang ikalawa ay nagdedeklara na legal na inampon ng kanyang ama ang mga anak ng huli. Lumunok siya. Ibinalik ng mga dokumento na iyon ang ilan sa pinakapangit na alaala ng buhay niya.

Sumulyap siya para makita ang hambog na ngiti ng tatlo, at agad na nangasim ang kanyang sikmura. Galit ang mga ito sa kanya. The feeling was mutual.



Nagpapasalamat siya sa mga taon na malayo siya sa mga ito noong nag-aaral siya, pero na-realize ngayon ng dalaga kung ano ang kabayaran ng pagiging kontento niya noong panahon iyon.

Marahas siyang lumunok at pinilit ang sarili na ipagpatuloy ang pagtingin sa mga dokumento na nagpapakita kung gaano namanipula ang kanyang ama. Bakit hindi nito sinabi sa kanya ang tungkol sa pagpapalit nito sa will? Bakit hindi nito isinama si Cadence sa isang mahalagang legal na desisyon?

Mukha namang lehitimo ang mga papeles, pero bakit ginawa ng ama ang pagpapalit na ito? Nagsasabi ba ng totoo si Victoria? Talaga bang hindi nito isasama ang nag-iisa nitong anak?

Umiling si Cadence. Hindi iyon totoo. Pinalis niya ang madidilim na kaisipan na nagbabantang magparalisa sa kanya at hinarap ang isa pang dokumento.

Ang isinasaad ng will, nakapetsa ng Enero 4 ng kasalukuyang taon, ilang buwan lamang bago ang kamatayan ni Edward Burke, na si Victoria nga ang trustee ng mga ari-arian nito. Suminghap si Cadence at mahigpit na hinawakan ang piraso ng papel sa kanyang mga nanginginig na kamay.

“Sinisiguro ko sa ’yo na desisyon ng ama mo na gawin ang pagpapalit sa kanyang will,” saad ni Victoria.

“Ang korte na ang bahalang magdesisyon,” sagot niya na nanggangalit ang mga ngipin.

Nagpatuloy siya sa pagbabasa. Sa bandang ibaba, nakasaad doon na ang kanilang mga anak na sina Cadence, Sybil at Cyrus, ay makakatanggap ng allowance. Bahala na si Victoria kung magkano. At lahat ng gastusin sa eskuwelahan at living expenses ni Cadence ay babayaran ng madrasta hanggang sa magtapos siya.

Ginawa na ni Victoria ang tungkulin nito. Binayaran nito ang tuition ni Cadence at binigyan siya ng allowance na halos hindi niya mapagkasya sa pagbabayad ng bills.

“Siyempre, ngayon na magtatapos ang allowance,” ani Victoria matapos magbasa si Cadence at nag-angat ng paningin. Nagmuwestra ito na nagsasaad na wala itong magagawa. “Naiintindihan mo namang sa hirap ng panahon ngayon, kaunti pa rin ang sobrang pera.”

“Milyones ang halaga ng ama ko,” tugon niya.

“Malas lang, milyones rin ang cost of living sa siyudad.”

“Sabihin mo na, Victoria. Masyado nang matagal ang suspense.”

Tumawa si Cyrus. Pinahinto ito ng ina, gamit ang isang tingin. Binalingan siya muli ng madrasta at ngumiti. “Obviously, tapos na ang obligasyon ko sa ’yo. Bahala ka na sa buhay mo.”

Nagkunwari siyang walang pakialam. Kaya niyang mamuhay mag-isa kung kinakailangan. Matalino siya, edukada at may mga contacts para makahanap ng magandang trabaho. Kung kinakailangan, magtatrabaho siya sa grocery store. Hindi niya kailangang magkaroon ng utang sa babaeng ito kahit na isang kusing.

Paano ito nagawa ng kanyang ama? Paano nito nagawa na bigyan ang mga taong ito na hindi nito tunay na mga anak, ng karapatan sa perang karamihan ay nanggaling mula sa ari-arian ng kanyang ina?

Kumulo ang galit sa loob ni Cadence. Pinigil niya ang sarili na lukutin ang mga papeles at itapon ang mga iyon sa Aubusson carpet ng kanyang madrasta. Makikipag-usap siya sa isang abogado bukas. Hindi siya aalis ng siyudad hanggang sa makakuha siya ng mga kasagutan.

Umasa siyang baka may naiwan pa mula sa mga

ari-arian ng kanyang ina. Baka may ginawa namang paraan ang ama para sa bahagi niya. Ipinangako nito sa kanya na maaalagaan siya. Ganoon ba kalupit si Edward para alisin siya sa will nito? May isang paliwanag lang na naiintindihan niya: Pinaniwala ang ama ng hayup na babaeng kaharap niya na hindi niya kailangan ng kahit na anong tulong mula sa mga ito.

Isinalaksak ni Cadence ang mga papeles pabalik sa sobre at tumayo.

“Nakalimutan mong basahin ang dulo, my dear,” sabi ni Victoria na mala-seda ang tinig. Namuo ang isang mapanuyang ngiti sa mukha nito.

“Mamaya ko na babasahin.”

“Basahin mo na ngayon.”

Naningkit ang mga mata ni Cadence. Muli niyang hinila ang mga papeles palabas ng sobre at binuklat ang mga iyon hanggang sa pinakadulo. Nalaglag ang kanyang panga at nanlambot ang kanyang mga tuhod. Mabilis niyang nakontrol ang kanyang mga binti bago siya bumagsak sa sahig, pero hindi niya mapahinto ang pag-ugong sa kanyang ulo.

Sinasabi sa dokumento na ang kanyang madrasta na ang nagmamay-ari ng condo unit ni Cadence.

Hindi kapani-paniwala! Talagang sinagad na ang parusa sa kanya. Si Victoria na talaga ang pinakamataas na ehemplo ng isang evil stepmother.

“Alam mo namang naging mapagbigay na ako, na hinahayaan kitang tumira roon nang walang bayad nitong ilang mga taon,” sabi pa ng babae.

Galit na ibinalik niya ang mga papeles sa envelope at isinaksak iyon sa kanyang bag. Hinga ng malalim. Kailangan niyang magpatuloy sa paghinga ng malalim. Pakalmahin ang sarili.

“Bakit hindi niya sinabi sa akin ang tungkol sa condo?”

“Masyado siyang abala, o baka nalimutan na niya.” Walang awang ngumiti si Victoria. “Ngayong alam mo na, puwede mo na akong pasalamatan.”

May sumiklab na puting ilaw sa harap ng kanyang mga mata at mahigpit siyang pumikit.

*Isa, dalawa, tatlo...* Nagmulat siya at itinuon ang mgna mata sa oak credenza sa likod lamang ng balikat ni Victoria. Kapag tumingin siya sa babae, mawawalan siya ng kontrol sa sarili at pipilipitin niya ang ni-liposuction nitong leeg.

“Wala akong intensyon na pasalamatan ka para

sa kahit na ano.”

“Bahala ka.” Nagkibit-balikat ito. Base sa mukha ng kaharap, tila wala talaga itong pakialam kung magpasalamat man si Cadence o hindi.

Mahirap kalabanin si Victoria Burke. At nagwagi ito.

O iyon ang inakala nito.

Naalala ni Cadence ang business card na ibinigay sa kanya ng law partner ng kanyang ama. Sinabihan siya nitong tumawag sa numero na nasa card kung kailangan niya ng tulong. Alam ba nito ang tungkol sa bagong will o nahulaan nitong may gagawin na tulad nito ang stepmother niya?

Ilang taon nang pag-aari ng pamilya ng kanyang ina ang condo, ang condo niya. Ninakaw iyon ng walanghiyang babaeng ito. Paano ito nagawa ng kanyang ama? Ang mga ari-arian, ang negosyo, sa ina niya ang mga iyon at hindi dapat ipamigay ni Edward. Sa kabila ng mga sinasabi sa mga dokumento, hindi makapaniwala si Cadence na legal ang mga iyon.

“Halina kayo, mga anak, tapos na ang pakay natin. Aalis na ang kapatid ninyo.” Tumindig si Victoria, mapagmataas. “Ikaw na ang bahalang lumabas, my dear.”

Sumunod sa kanilang ina ang kambal, pero ngumisi ang mga ito sa direksyon ni Cadence. Halos maglaway sa pananabik ang mga ito para sa isang breakdown mula sa kanya. Sumunod si Sybil sa ina nito, pero may pambabastos siyang pinagmasdan ni Cyrus mula sa likod ng rimless nitong mga salamin. Gusto niyang sapakin ang nakaismid nitong mukha. Mabagal na umakyat-baba sa kanyang katawan ang tingin nito na nagpakilabot sa kanya.

*Gago.*

Iniiikot niya ang mga mata at sumimangot sa lalaki, at sinigurong naipakita rito ang disgusto. Tumawa lamang ito at idinaan ang dila sa pang-ibabang labi. Nangatal siya.

“Ay, Cadence, may isa pa pala.”

*Isa, dalawa, tatlo...*

“Ano pa? Bago ako sumuka.”

“Don’t be crude, Dear. It’s not ladylike.”

Bumungisngis si Cyrus.

“Aasahan kong nakaalis ka na sa condo bago matapos ang linggo. Naka-schedule nang dumating ang mga decorators para mag-remodel. Gusto kong ibenta iyon sa lalong madaling panahon.”

Nawala ang kahinahunan ni Cadence. Naabot na niya ang sukdulan. “At saan ako titira?”

Ngumiti si Victoria. “Kahit saan mo gusto. Wala na akong pakialam sa ’yo.”

Mabilis siyang umalis, humihingal at pagod na pagod, parang runner na nagtatapos ng karera. Ngunit kasisimula pa lang ng marathon na ito. Nang maabot niya ang kalsada, kinuha niya mula sa kanyang bag ang telepono at ang card na binigay sa kanya ng law partner ng ama at tinawagan ang numero.

Akala ni Victoria walang kapangyarihan si Cadence, at nasa panig nito ang batas.

Two could play that game.

---

Ang unang appointment ni Preston Night nang araw na iyon ay isang pangalang nakilala niya mula sa kanyang nakaraan. Si Cadence Burke, ang nag-iisang anak ni Mayor Edward Burke, ang kanyang pang-nine o'clock. Ayon iyon kay Muriel sa front desk na siya ring nagsabing nagpumilit ang kliyente na emergency iyon.

Inisip niya kung ano ang gusto ng babae. Habang nakatingin sa bintana ng kanyang opisina sa million-



dollar view ng *Chrysler Building* at ang pagmamadali ng Midtown sa ibaba, naalala niya ang huling beses na nakita niya ang babae. Libing noon ng ina nito na naging isang pampublikong palabas.

Sixteen si Cadence noon—sophomore si Preston sa *Princeton*. Pinanood niya sa malayo ang paglabas sa simbahan ng nagluluksang pamilya, kasunod ng isang balangkas ng mga reporters. Ipinagluksa ng mundo ang pagkawala ng ina nito. Si Cadence ang naging media's darling nang araw na iyon.

Ito ang una niyang crush, ang una niyang heartbreak. Tumakbo sa pagka-alkalde ang ama nito at dinala sa posisyon ng simpatya ng publiko. Cadence the untouchable, naisip niya tungkol dito noon.

Laging napapalibutan ng mga tagahanga ang anak ng mayor. Nakikita niya ito sa telebisyon matapos noon, ang paglaki nito sa *Gracie Mansion*, ang mga manliligaw, ang bawat galaw na sinusundan ng mga sabik na reporters mula sa mga magazines.

Pinanood niya ito at madalas iniisip kung masaya ba ito na nasa spotlight, o pagkukunwari lang ang patuloy na pagngiti nito. May malalapit ba itong mga kaibigan na nagmamahal dito, o nakikipaglapit lang dito ang mga tao para sa sariling kapakanan, para

may maipagmayabang?

Matagal na panahon na iyon.

Iniwang ni Preston ang opisina at kumatok sa pinto ng opisina ng kanyang ina. Pinapasok siya nito. Nakasuot ng dark blue silk suit ang mama niya, malinis ang pagkakaayos ng buhok na nakapilipit sa batok nito, at simpleng perlas lamang ang mga alahas. Sa maliwanag na ilaw, nakikita niya ang pangingitim sa ilalim ng mga mata nito. Hindi na naman ito natutulog. Kailangan niya iyong alalahanin, pero hindi siya tanga para banggitin iyon sa ina.

“Sa korte kayo ngayon?” untag niya.

Sinara nito ang laptop at inipit iyon sa loob ng isang leather case. “A society divorce.”

“Malaki ang bayad?”

“Sobrang laki,” sagot ng ina.

Hindi alintana kay Preston ang pag-aayos ng mga kinasasangkutanang gulo ng mga mayayaman. Sulit naman ang mga oras na iginugugol niya sa mga ito.

“Naaalala n’yo ba si Cadence Burke?” tanong niya.

Ngumiti ito. “Oo naman. Sayang at hindi na kami

nakapag-usap mula n'ong mamatay ang mommy niya. Bakit mo naitanong?”

“Pupunta siya rito ngayong umaga.”

“Gusto niya ng representation?”

“Yon ang hula ko.”

Nag-isip ang kanyang ina. “Sa wakas.”

Nagulat si Preston. “Inaasahan mo siya?”

“Matagal na.”

“Puwede mong sabihin sa akin ang tungkol d’yan?” Naupo si Preston sa gilid ng mesa nito.

“Hindi puwede ngayon. Kailangan mong tingnan ang file niya. Naroon sa naka-lock na cabinet.”

“Maselan ba?” patuloy niyang usisa.

“At kailangang isikreto,” tugon nito. May kinuha itong maliit na susi mula sa bag at inabot sa kanya.

“Naiintriga na ako.” Mukhang hindi pangkaraniwan ang kaso at may mga komplikasyon pero kaya niyang i-handle ang mayayamang babae, at mas madalas kaysa hindi, nae-enjoy niya iyon.

“Ilang taon na ba siya?” tanong ng kanyang ina.  
“Twenty-four, twenty-five?”

“Twenty-six sa June 10,” sagot niya.

Pinagmasdan ng kausap ang kanyang mukha. Hindi na sinubukang magkunwari ni Preston na walang halaga si Cadence sa kanya. Masyado siyang kilala ng ina.

Hinila nito ang bag paakyat sa balikat nito. “Sa tingin ko, may mga tanong siya tungkol sa mga ari-arian ng mommy niya.”

“Bakit hindi siya magpunta sa abogado ng tatay niya? Hindi ba sa tatay niya napunta ang lahat ng pera matapos mamatay ng nanay niya?”

Pinagmasdan siya ng ina na kumikinang ang mga mata. “Hindi lahat.”

Tumayo si Preston. “Kaya siya narito. Gusto niyang kunin ang pera niya.”

Binuksan niya ang pinto at lumabas ang ginang. “Samahan mo ako hanggang sa elevator,” sabi nito.

Sumabay si Preston sa tabi nito.

“Siguraduhin mong titingnan mo ang lahat ng Burke files bago dumating si Cadence. May mahahalagang impormasyon na kailangan mong malaman.”

Tiningnan niya ang kanyang relo. “Kung sana may sapat akong oras.”

“Gusto kong makita ang anak ni Audra ulit,” amin nito.

“Sigurado ba kayong gusto n’yong ako ang mamahala sa meeting na ito? Mas kilala n’yo ang nanay niya kaysa sa ’kin.”

“Suspetsa ko, masyadong mahalaga ang appointment na ito para ipagpaliban. Isa pa, may tiwala ako sa abilidad mo na magsabi ng magandang balita sa kliyente.”

“Good news talaga?” tanong niya.

“Ganoon nga. Kaya lang, matagal ko nang hindi na-update ulit ang mga accounts.”

Nakahinga si Preston nang malamang aalis sa opisina niya si Cadence na may malaking halagang maaaring magamit. Baka magpasalamat pa ito sa kanya.

Sino ang niloko niya? Ni hindi siya nito napansin noong nagdadalaga ito. Wala ang salitang gratitude sa bokabularyo ng mga mayayamang babae. Nakapila ang isang liga ng mga lalaki para sa anak ng mayor, at si Preston ay hindi ang tipo na maghihintay para

sa pagkakataon niya.

Siyempre, hindi na ito bata. At hindi na siya ang lovesick na binatilyo na nanonood lang dito mula sa isang tabi.

“Maghahanda na ’ko. Sa ’kin na ang appointment,” paniniguro ni Preston.

“Mabuti.” Pinindot ng kanyang ina ang down button para sa elevator. “Pag-ingatan mo ang kaso na ito. Malaki ang utang na loob natin pareho kay Audra Burke.”

## 2

“Can I help you?” tanong ng isang receptionist na magara ang bihis. Spiky ang itim nitong buhok na may kulay pulang streak sa kaliwang bahagi. Nakasuot ito ng maliit na blue-green na alahas sa ilong.

“Ako si Cadence Burke. May nine o’clock appointment ako kay Mrs. Night.”

“Maupo muna po kayo,” anang babae na ngumiti sa kanya, pero halatang walang interes.

Tumango siya. Pakiramdam niya wala siyang kadating-dating sa palda niyang maong at puting linen blouse, pero iyon lang ang ekstra niyang naempake para sa weekend niya sa siyudad. Naupo siya sa komportableng upholstered na upuan sa waiting room.

Ang pangalan na nasa card na binigay sa kanya ng dating partner ng kanyang ama ay *Night and Night, International*. Naaalala ni Cadence ang pangalan. Abogado ng kanyang abuelo si Maryanne Night at isa sa pinakamalapit na kaibigan ng kanyang ina. Mahusay ito, kumpiyansa at isang kayamanan sa kanyang ina.

Nang mamatay ang mommy niya, pinakawalan ng kanilang pamilya si Mrs. Night. Sa kadahilanang hindi niya nalaman, kumuha ng bagong abogado ang kanyang ama para pangalagaan ang negosyo nito. May sapat na tiwala ang dating partner ng kanyang ama sa abilidad ni Mrs. Night para irekomenda na ito ang kontakin niya. May tiwala rin si Cadence na tutulungan siya nito.

“Gusto po ninyo ng cappuccino?” untag ng receptionist na sumisilip mula sa pinto.

Tumanggi si Cadence. Naninigas ang sikmura niya sa tuwing maisip ang usapan nila kahapon nina Victoria at ang kambal nitong anak. Hindi makakatulong ang kape.

Matapos ang sandaling paghihintay, muling lumabas ang receptionist. “Mr. Night will see you now.”

“Mr. Night? Akala ko ang appointment ko ay kay Mrs. Night.”

“Nasa korte po si Mrs. Night ngayong umaga.”

“Pero si Mrs. Night ang hiniling ko.”

“Gusto po ba n’yong magpa-reschedule?”

“Hindi, hindi na ako makakahintay,” sagot niya



habang hindi mapalagay na hinawakan ang pang-itaas na butones ng kanyang blusa.

“Sinisiguro ko po sa inyo na full partner po si Mr. Night.”

“Ah, sigurado ko namang magaling siya sa propesyon niya. Kaya lang kaibigan ng nanay ko si Mrs. Night.”

“Ganoon po ba? Mas magiging komportable kayo sa kanya.”

“Siguro.” Bumuga siya ng hangin.

“Halina po kayo. Sasamahan ko kayo sa opisina ni Sir.”

Tumayo si Cadence. “Hindi ko naisip na kasal pala si Anne Night.”

Tumawa ang babae. “Anak po niya si Preston Night.”

Hindi niya rin maalala na may anak si Anne. “Alam ko namang okay lang siya,” sabi niya na parang nagdududa kahit hindi sinasadya.

Giniya ng receptionist si Cadence sa isang magara, pero kakaunti lang ang laman na opisina. Mas maraming itim at chrome doon. May isang

larawan ni David Hopper sa pader sa itaas ng file cabinet na mukhang credenza. May Persian carpet sa sahig.

Wala roon si Mr. Preston Night.

“Maupo po muna kayo. Darating na po siya.”  
Tumalikod na ang receptionist at umalis.

Naupo siya sa isang balat na upuan at binuklat sa arts section ang *The Times*, pero hindi makapagkonsentra sa kahit na alin sa mga artikulo. Dinampot niya ang business section. Bumukas ang pahina sa larawan ng kanyang ama. Guwapo itong lalaki. Napakagandang magkapareha ng kanyang mga magulang. Lahat ng tao ay iyon ang sinasabi.

Tungkol sa pamana ng alkalde ang tinatalakay ng artikulo. Tampok si Victoria at ang mga anak nito. Galit na sinara ni Cadence ang magazine at hinagis iyon sa mesa. Kinakalat na naman ng publicity machine ang perfect family crap na gustung-gusto ng publiko.

Humalukipki siya at nag-isip. Ang kapal naman ni Victoria na magpasikat.

Sa isip niya, binara-bara niya ang tinatawag niyang ‘trio of evil’ at nag-isip kung ano ang maaari niyang gawin para masira ang pagkakataon ni Cyrus

na pumasok sa isang pampublikong buhay. Hinila siya ng tunog ng mga yabag ng sapatos sa kahoy na sahig.

Nagkataon na napatingala sa tamang oras si Cadence. *Wow*. Papasok sa silid ang isang batang version ni James Bond at mukhang kalalabas lang nito mula sa photo shoot ng *GQ* magazine.

Seryoso.

Humugot siya ng isang malalim na hininga habang nakatitig sa isang pares ng mapupungay at moss green na mga mata. Mga matang napapaligiran ng itim na pilik na kaiinggitan ng kahit na sinong babae. Mga matang para bang hinuhubaran siya kung makatingin. Nangatal si Cadence sa bigla niyang naisip na nakatayo siya roon at nakahubad para pag-aralan nito. Nadama niya ang init sa kanyang mga dibdib at sa pagitan ng kanyang mga hita. Ano ang nangyayari sa kanya? Hindi pa siya umakto nang ganoon sa kahit na sinong lalaki.

Gayunpaman, may parte siya na nagugustuhan iyon. May bahagi siya na gustong nakahubad siya para pag-aralan ng lalaking ito. Kinagat niya ang pang-ibabang labi, iniisip na ito ang kumakagat-kagat sa sensitibong parte na iyon.

At para bang iyon din ang naisip ng binata

nang binasa nito ng dila ang pang-ibabang labi at pinagmasdan siya mula sa kanyang mga mata pababa sa dulo ng kanyang mga daliri sa paa at pabalik.

Gusto niyang gustuhin siya nito. Gusto niyang umuwi kasama nito. Gusto niyang gumawa ng ilang mga bagay nang kasama ito. Mga bagay na may kahalayan.

Salungat ng kayumangging kulay ng inukit-mula-sa-batong mukha nito ang light at expertly cut nitong buhok.

Tila ba hindi bagay ang magaspang nitong persona sa mamahaling Italian suit. *Armani*, hula niya, kahit pa hindi siya eksperto. May dala itong itim na leather *Burberry* briefcase na ibinaba nito sa sahi.

Pinagmasdan niya ito nang may pagnanasa, hindi lamang dahil sa *Armani* na walang kamaliang idinisenyo at sukat na sukat rito, kundi dahil sa katawan sa ilalim ng suit. Mukhang matigas at maskulado ang binata.

*Baka nag-wo-work out, isip niya. Nang madalas.*

Gusto niya itong makita nang naka-maong at T-shirt. Gustung-gusto niya ang paraan kung paano yakapin ng magandang tabas ng maong ang pang-upo ng isang lalaki – at mas higit pa, kung ano ang nasa

harap nito. At Diyos ko, ano ang magiging hitsura nito kapag naka-swimsuit? Hinayaan niyang pumasok sa isip niya ang isang larawan nito na nasa beach na walang suot maliban sa isang pares ng swim trunks. Baka magkaroon siya ng sapat na tapang para lumapit sa naka-swimsuit nitong katawan at tuluyan na itong hubaran.

“Excuse me? Miss Burke?” tanong nito.

Nagulat si Cadence sa tinig nito. So strong. So commanding. Umakyat sa kanyang dibdib ang kanyang kamay. Marahas siyang lumunok. Sa paraan ng pagtitig ng mga mata nito sa kanya, pakiramdam niya alam nito ang mga iniisip niyang kapilyahan.

Nadarama niya ang kapangyarihang nakapulupot sa kaibuturan nito nang humilig ito para makipagkamay. Hinaplos ng samyo ng aftershave nito ang kanyang pang-amoy. Spice, sandalwood and definitely man.

“Um... yes,” nautal-utal siya. Kagyat siyang tumayo para hindi na nito kailanganing yumuko sa kanya. “Ako si Cadence Burke.”

“Preston Night.” Ipinakita ng nakasisilaw nitong ngiti ang pantay-pantay at puting mga ngipin.

Mahigpit na hinawakan ni Cadence ang kamay nito, ibinabalik ang ngiti na iyon at nadama ang pag-

akyat ng pamumula sa kanyang leeg at mga pisngi.

*Isa, dalawa, tatlo...*

Mahigpit ang hawak nito sa kamay niya. Hindi maliit ang kanyang palad, pero nagmukhang kaliit-liit niyon kung ikukumpara sa kamay ng lalaki. Hindi siya makapaniwala sa suwerteng dumating sa kanya. Hindi ito pantasya o isang fashion model na kalalabas lang ng magazine. Abogado ito, abogado niya. God, kung alam lang nito kung ano ang iniisip niya...

Bumaba sa pundya ng pantalon ni Preston ang kanyang mga mata bago niya iyon mabilis na inangat pabalik sa mukha nito.

Ngumiti ito na lalo lang nagpainit sa kanyang mukha. "Please sit down, Miss Burke."

Pinakawalan siya nito at dumaloy muli ang dugo sa kanyang mga daliri. Iyon na yata ang pinakanakapagtataakang sensasyon na naramdaman niya para sa isang lalaking noon lang niya nakilala.

Hawak nito ang isang upuan para sa kanya, isang kilos na sa isip niya ay napaka-old fashioned, pero nagustuhan pa rin niya ang pagsasaalang-alang nito sa kanya. Naupo siya, nagririgodon ang puso.

Ngumiti siya para pagtakpan ang kaba at inayos

ang magulong buhok. Hindi ba ganoon naman, sa araw na makikilala niya ang lalaking pinapangarap niya, saka siya mukhang nakuryente.

“Nagkakilala na tayo dati,” sabi nito na naupo sa tabi niya. Dumekuwatro ito at umangat ang mga labi sa isang maliit na ngiti.

Pinagmasdan ni Cadence ang mukha nito para subukan iyong alalahanin. Saan niya nakita ang mukha na iyon dati?

“Sabi ng receptionist, anak ka raw ni Mrs. Night.”

“Oo.”

“Naaalala ko na. Binata ka na.” Gusto niyang mapangiwi. Ang corny niya. Obviously, binata na ito.

“Malaki na tayo pareho.”

Hindi na kayang maging mas asiwa pa ni Cadence.

Dinampot nito ang briefcase at inilapag iyon sa mesa sa harap nila. Hindi na sila nagkumustahan o nag-usap tungkol sa kung ano ang mga ginawa nila ng mga nakaraang taon. Binuksan nito ang briefcase at inilabas ang makapal na manila file.

“Salamat sa pakikipagkita sa ‘kin kahit biglaan,’”

sabi niya, “kaya lang inaasahan ko talagang makausap ang mommy mo.”

Nagtaas ito ng isang kilay. “Hindi ba ipinaliwanag ni Muriel?”

“Oo, sinabi niyang nasa korte ang ang mommy mo ngayong umaga.”

“Unfortunately, she is. Hiniling niya na tulungan kita.”

Napagtanto ni Cadence na binigyan niya ito ng maling impresyon. “Alam ko namang iniwan ng mama mo ang kaso ko sa mabuting mga kamay.” Naku! Puwede pa ba siyang maging mas halata?

*“Night and Night is at your service.”*

What a perfectly nice thing to say. Isang saglit niyang pinahinahon ang isip para hindi siya magtunog-tanga.

“Naaalala ko ang mommy mo. Lagi siyang mabait sa ‘kin. Kumusta na siya?”

“Mabuti.”

Nagtama ang mga paningin nila. “Good.”

Nanatili sa kanyang mukha ang berdeng mga mata nito pagkatapos ay binaling ang paningin



sa briefcase. “Nagkaroon ako ng pagkakataon na makausap siya bago siya umalis. May file siya sa pamilya mo.”

Napalunok siya. “May file kayo?”

“Ang mommy ko ang nag-alaga sa trust ng mommy mo. Akala ko na alam mo.”

“Alam ko. Naging co-trustee ako nang mag-twenty-one ako. Lagi kaming gumagamit ng isa sa mga abogado ng daddy ko.”

“Labas na sa trust ang involvement ng kompanyang ito.”

Grabe na! Naglaan ang nanay niya ng para sa kanya. Muntik na siyang lumundag sa kandungan ng binata para yakapin ito.

“Miss Burke...”

“Please, tawagin mo na lang akong Cadence. Halos kapamilya ko na ang mommy mo.” Nginitian niya ito.

Hindi iyon ibinalik ng binata. Istriktong business at derecho sa punto lamang ito. “Okay, Cadence, kung ganoon, tawagin mo akong Preston.”

“Deal,” aniya na mas maluwag na ang kalooban

at nahihirapang pigilan ang namumuong init sa loob niya. Ito na siguro ang pinakakaakit-akit na lalaki na nakilala niya. Hindi niya naisip na totoong mayroon palang mga lalaking tulad nito.

“Bakit hindi mo ipaliwanag kung bakit tumawag ka sa ‘kin,” derechong anito.

Lumitaw ang receptionist na may dalang dalawang baso. Ibinaba nito ang mga iyon sa mesa. Napansin ni Cadence kung paano tinitigan ng empleyada si Preston nang mas matagal kaysa sa nararapat. Kakatwa pero nakadama siya ng possessiveness.

*Bakit ako nagseselos? Kakakilala ko lang sa lalaking ito.*

Walang imik na umalis si Muriel.

Dinampot ni Cadence ang malamig na baso at uminom ng tubig.

Tumayo si Preston at nagtungo sa mesa nito. Binuksan nito ang isang drawer at kumuha ng isang pad ng yellow paper at isang panulat. Nagmuwestra ito sa kanya para magsimula.

Nanumbalik ang kahinahunan kasabay ng kanyang self-control, bumalik siya sa ipinunta niya

roon.

“Alam mong nasa *World Trade Center* noong 9/11 ang mommy ko?” tanong niya. Tila ba laging nagsisimula ang kuwento niya sa araw na iyon ng Setyembre.

“Oo.” May siklab ng emosyon sa mga mata nito; pangangalaga, kalungkutan, baka nga awa rin. Nakita na niya ang lahat ng mga iyon dati.

“Nagpakasal ulit si Mayor, ang daddy ko, sa isang biyuda na may dalawang anak.”

“Nakita ko ang mga litrato nila sa diyaryo,” sabi nito na naupo sa silya sa tabi niya.

“Nakatira ako sa New Haven nitong nakaraang dalawang taon, tinatapos ang PhD ko sa art history. Hindi ako madalas magpunta sa siyudad lalo na mula nang ikasal muli ang daddy ko.”

Nagsulat si Preston sa pad. Wala itong ipinahiwatig na kahit ano sa ekspresyon nito. *Malamang magaling itong mag-poker*, isip niya.

“Magtu-twenty-six ako sa June. May inaasahan akong hati sa estate ng daddy ko gaya ng nakasaad sa will niya.” Binuksan niya ang handbag at inilabas ang manila envelope na ibinigay sa kanya ni Victoria.

Inabot niya ito sa binata.

Binuklat niya ang mga pahina ng dokumento. “Dapat makukuha mo ang mana mo kapag nag-twenty-six ka?”

“Sa pagkakaalam ko. Nagtapos ako kahapon. Nagpa-party ang stepmother ko para sa mga kaibigan at kapamilya namin para mag-celebrate.” Pinag-isipan niya iyon habang pinanonood ang pagbagsak ng condensation sa gilid ng baso. Ginamit ng madrasta ang okasyon para ipakita kung gaano ito kamapagmahal kuno bilang ina bago gilitan si Cadence matapos umalis ang pinakahuling bisita.

Hindi na niya iyon isinama sa kanyang kuwento. Parang hindi natural na magkuwento siya tungkol sa away ng pamilya sa isang estranghero. At hindi tama. Ang pagiging anak ng isang politiko ang nagturo sa kanya na maging maingat tungkol sa mga sasabihin niya at kung kanino, at na lagi siyang ngumiti.

Hindi ba’t lagi siyang sinasabihan ng ama na magpakita ng masayang mukha sa publiko kahit ano pa ang nangyayari?

“Noon ko lang nalaman na may ikalawang will na sinulat ang mayor at wala ako roon.” Nag-angat siya ng paningin at ngumiti, pero pinagsikapan niya

iyon. Ni hindi man lang kumurap si Preston Night. Binigyan niya ito ng isang minuto para magbasa. Nang magtaas ito ng paningin, isang manipis na linya na ang bibig nito. Malumanay ang titig nito, nagbibigay-tiwala. Binigyan siya nito ng kumpiyansa na hindi mahahayaang magawan na lang ni Victoria na pagnakawan siya.

“S’abi ng stepmother ko, wala akong mamanahin at ngayon ko lang nalaman iyon,” patuloy niya. Gusto niyang malaman ng binata kung gaano talaga siya nagulat. “Wala masyadong pera na sarili ang daddy ko. At least, sa pagkakaalam ko, wala.” Umiling si Cadence. “Ngayon ko lang nalalaman, Mr. Night, na ang dami ko palang hindi alam tungkol sa pera ng sarili kong magulang.”

“Naiintindihan ko.”

Natuwa si Cadence na kakampi niya ito at maaari niya itong pagsabihan.

“Successful ang pamilya ng mommy ko sa rag trade at malaki ang minana ng daddy ko nang mamatay si Mommy. Si Victoria, ang stepmother ko, ang press secretary ni Mayor at magaling siya sabi ng mga kasamahan niya. Natural lang na naging usapin iyon nang magpakasal sila pagkamatay ng mommy ko.”

Dito, tumango si Preston at naisip ni Cadence na noon din umalis bilang empleyado ang ina ng binata. Hindi kaya ito pinaalis? Nanatiling blangko ang ekspresyon ng kaharap. Alam ba ng lalaki ang parte na ito ng kuwento? Sasabihin ba nito sa kanya kung bakit hindi na nagtatrabaho para sa *Burke Trust* ang ina nito?

Nagpatuloy siya. “Pinapasok ako sa boarding school nang tumira sa bahay sina Victoria at ang evil twins.” Tiningnan ni Cadence ang reaksyon ng kaharap; nanatili itong nakatuon sa kanya, pero walang pinanigan. “Pasensya ka na. Hindi ko sila dapat tinawag na ganoon.”

“Nagpapakatotoo ka lang.”

“Oo nga. Kaya lang, dapat nanahimik na lang ako.”

“Abogado mo ako. Kailangang sabihin mo sa ‘kin ang lahat. Nasa batas naman na panatilihin kong confidential ang lahat ng sabihin mo sa ‘kin.”

“Alam ko, pero mahihirapan ako. Ayaw kong pag-usapan ang pribado kong buhay.”

“Paano kita matutulungan kung hindi ko alam kung ano’ng kalaban mo?”

Kahit pa salungat ang pagtitiwala sa kung ano ang itinuro sa kanya, masarap ang pakiramdam ng pagkukuwento. Ipinagkatiwala ng kanyang ina sa *Night and Night* ang kanyang kapakanan. Ganoon din ang gagawin ni Cadence.

“Nang matapos ang graduation party... Hindi ko na ikukuwento kung paano kami nagpanggap na isang malapit at mapagmahal na pamilya. Inabot sa ’kin ni Victoria ang envelope na ’yan. S’abi ko nga, naglalaman ’yan ng mga legal dokumento na hindi ko pa nakita noon.” Huminto siya para huminga nang malalim at sumimsim muli ng tubig.

Tumuon ang mga mata ng binata sa kanya na naging sanhi ng paghinto ng paghinga ni Cadence. Hindi siya nag-iwas ng tingin. Hindi niya kaya.

“Pag-aaralan ko nang mas mabuti ang mga dokumento na ’to,” anito.

“Salamat. Kung may mahanap kang kahit na maliit na butas sa testamento, gusto kong gamitin n’yo ang lahat ng kapangyarihan ng mga abogado na mayroon kayo para mapawalang-bisa ang bagong will.”

Naningkit si Preston. “Gagawin ko lahat ng makakaya ko. Kailangan ko ng kopya ng unang will.”

“Sige. Nasa safety deposit box ko iyon sa eskuwelahan. Ako ang nakapangalang beneficiary kasama ni Victoria at ng mga anak niya.”

“Wala ka rito sa bagong will.”

“Hindi puwedeng maging legal ’yan. Hindi ako aalisin ng tatay ko sa will niya. Hindi ba parang convenient para kay Victoria na manahin niya ang lahat?”

Sa unang pagkakataon, ngumiti si Preston. Nag-tap dance ang puso niya.

“Napakatalinong babae ng mommy mo, Miss... Cadence.” Binuksan nito ang folder na inilabas nito mula sa briefcase. “Malamang alam niya na mangyayari ito. Hiniling niya sa nanay ko na hawakan ang mga bagay-bagay para sa kanya. Hindi ko siya nakausap nang harapan dahil n’ong mga panahon na iyon, nag-aaral pa ako.”

“Sa tingin mo ba may kaso ako?”

“Huwag kang mag-alala, sisiguruhin naming maayos ang lahat. Pero hindi ko gustong i-suspense pa; hayaan mong ipaliwanag ko ang mga huling hiling ng mommy mo.”

Tumango si Cadence.



“Mahilig si Audra Burke sa mga lost causes at sa totoo lang, isa sa mga iyon si Victoria Hahn.” Noon huminto ang binata at hinintay ang isasagot niya.

Bakit nito sinasabi sa kanya ang mga bagay na alam na niya? Namilipit siya. Torture para sa kanya ang kahit na anong usapan tungkol sa kanyang madrasta.

“Alam kong maraming ginawang charitable works ang mommy ko. Pinag-aral niya si Victoria at siya ang dahilan kung bakit naging napaka-successful nito at sa huli ay nagtrabaho pa para sa daddy ko. Bakit mo pa kailangang ulitin?”

*Kung alam lang ni Mommy kung anong klaseng babae ang kauuwian ni Victoria. Humalukipkip si Cadence.*

“I didn’t mean to offend you, pero sinasabi dito sa file ko na kailangan kong siguruhin na naiintindihan mo ang history. Please accept my apologies.” Ipinakita ng ekspresyon nito na sinsero ang binata at hindi lamang nagsasabi ng mga walang saysay na kataga. Na-appreciate niya na naiintindihan nito ang pagdurusang idinulot sa kanya ng madrasta.

“Bago namatay ang mommy mo, may hinala na siya tungkol sa daddy mo at kay Victoria.”

Sinalubong ni Cadence ang tingin nito. Ayaw niyang marinig kung ano ang sasabihin ni Preston. “Anong klaseng pagdududa?”

“May mga dahilan siya para maniwala na romantically involved sina Victoria at ang iyong ama.”

Umiling si Cadence. “Mahal ng daddy ko ang mommy ko.”

“Gusto ng mommy mo na malaman mo ang mga bagay na itinago niya sa ’yo dahil masyado ka pang bata para maintindihan ’yon noon.”

“Please continue.” Tumuwid siya. Wala namang dahilan para pagandahin ang kahit na ano para sa kanya. Pinatatag siya na parang bakal ng mga pinagdaanan niya nitong huling dekada.

Inilapag ni Preston sa mesa ang mga papeles na ibinigay niya rito. Napakaseryoso nito na hinanda niya ang sarili para sa masamang balita.

“Nagkaroon ng affair ang iyong ama at si Victoria habang kasal ang mga magulang mo,” marahang saad ni Preston.

Diniin niya ang mga daliri sa kanyang sentido. “Gawa-gawa lang ’yan ng kung sino. Alam mo na, mga kaaway. Makapangyarihan ang daddy ko.

Marami akong narinig na di-magagandang tsismis habang lumalaki ako. Walang katotohanan ang kahit alin sa mga iyon. Alam mo bang labing-apat na beses na akong na-engage ayon sa mga diyaryo? Limang beses nang ikinasal?”

“Sa tingin ko, hindi ito tsismis,” anito. “Ganoon din ang palagay ng mommy mo.”

“Paano mo nalaman kung ano’ng pinaniwalaan ng mommy ko?”

“Nagsabi siya sa mommy ko.”

Bumaling si Cadence at sumilip sa bintana. “Hindi ka nagsisinungaling?”

“Hindi ako nagsisinungaling,” pormal na tugon ni Preston.

“Wala akong ideya. Parang nagmamahalan naman sila. I guess the only thing they had in common was me.”

“Mukhang ganoon na nga.” May pagtatangi sa tingin ng binata.

“This whole deal stinks,” aniya na nag-iwas ng tingin. Ayaw niyang aluin siya nito.

“Yan ang dahilan kung bakit nasa opisina ng

broker niya ang mommy mo sa WTC nang umaga na iyon ng Setyembre. Gusto niyang may account na maayos para sa 'yo na ang mommy ko ang trustee hanggang sa dumating ka sa tamang edad." Bumaling si Cadence at hinarap ito. "Naghinala ang mommy mo na hindi ka aalagaan ni Victoria kapag namatay si Mayor Burke."

"Tama siya." Alam na alam ni Cadence na naimpluwensyahan ng madrasta ang kanyang ama.

"Ang hindi ko lang mapaniwalaan ay 'yong nagkaroon ng affair ang daddy ko at si Victoria habang nasa puwesto siya. Maingat siya pagdating sa public image niya."

Inakit ni Victoria ang kanyang ama. Naging madaling biktima ang huli, isang lalaking may higanteng ego. The self-serving bitch. Kumulo ang dugo ni Cadence dahil masyadong conniving at manipulating ang babaeng iyon. Bumuntong-hininga siya. Hindi niya napigilan. Ginago ni Victoria ang buo niyang pamilya.

"Gumawa ng hakbang ang iyong ina para masiguro na may proteksyon ka sa kanila sakaling mamatay siya. Gumawa siya ng trust."

"Wala siyang sinabi sa 'kin tungkol sa isa pang

trust.”

“Hindi siya nagkaroon ng pagkakataon,” ani Preston.

Nagsimulang maintindihan ni Cadence ang lahat. Lumaban ang kanyang ina gamit ang nag-iisang paraan na alam nito: Nagtago ito ng pera sa isang account na walang nakakaalam maliban sa *Night and Night*.

“Bakit hindi pinaalam sa ’kin ng kompanya n’yo bago pa ito?” tanong niya, nagmamaktol.

“It was your mother’s idea. Gusto niyang itago sa ’yo ang mga sekreto ng pamilya hanggang sa makakaya niya. Nag-iwan siya ng instructions na kailangang sabihin sa ’yo ang lahat kapag nagpunta ka sa *Night and Night* para manghingi ng tulong tungkol kay Victoria.”

Tumayo si Cadence at lumapit sa bintana. Kakailanganin niya ng oras para matanggap ang sinabi ng lalaki sa kanya. Kumislap ang sikat ng araw nang umagang iyon sa pinakamataas na gusali sa Manhattan.

“Alam mo ba, halos buong buhay na ‘kong nakatira sa siyudad, pero hindi ko pa nakikita ang tuktok ng *Empire State Building*?” aniya.

“It’s a sight nobody should miss,” sabi nito.

“Oo nga raw. Narinig ko.”

“Maupo ka muna, Cadence. May kailangan pa akong sabihin sa ’yo.”

“Mayroon pa? Ano pa’ng mayroon?” Isang tingin at nakita niya kung gaano ito kaseryoso. Masunurin siyang naupo.

“Pasensya ka na. Alam kong hindi ito madali para sa ’yo,” ani Preston.

Nagkibit-balikat si Cadence. Si Victoria at ang mayor? Wala siyang kaalam-alam. Ano pang mga balita ang sasabihin sa kanya ni Preston?

---

Tinanggap ni Preston ang kliyenteng ito dahil akala niya, magiging karaniwan itong trust law, at dahil gusto niyang muling makita si Cadence Burke. Siguro para mas makilala ito ngayong hindi na ito ang ‘anak ng mayor’ at hindi na niya siya iyong mahiyain, payatot na batang lumaki sa hirap.

Pagkakamali iyon. Hindi siya dapat humalili para sa kanyang ina na siyang gumawa sa trust at nakaaalam ng mga detalye nito. Mas magaling ang mommy niya pagdating sa pagharap sa mga

kliyenteng may emotional baggage. Wala siyang magagawa para gawing mas madali ito para kay Cadence.

Habang pinanonood ni Preston ang reaksyon ng dalaga sa balitang manloloko ang ama nito, kung paanong sinabi nitong naalis ito sa will, kung paanong tusong minanipula ng isang madrasta ang mga Burke para sa pansarili nitong kapakanan. Nakita ni Preston kung gaano kalapit nang bumigay si Cadence. Mukha itong natatakot, vulnerable. Nabuhay ang instinct niyang protektahan ito.

Sa kamalasan, ganoon din ang male hormones niya. Nakita niya kung paano siya nito tiningnan nang dumating siya. Parang handa siya nitong lundagin at gamitin ang katawan niya—hanggang sa ipakilala niya nang husto ang sarili. Pagkatapos, hindi na ito umimik.

Napakaganda ni Cadence. Kasing-ganda ng naaalala niya. Itinago niya ang pagkabuhay ng kanyang katawan gamit ang mga folders na naglalaman ng files nito na ipinatong niya sa kanyang kandungan.

Hindi niya inaasahan na magiging ganito katindi ang reaksyon niya sa babae. Ginusto niya ito noon pa, pero sumuko siya. Ngayon na magkatabi sila, na

naaamoy niya ang pabango nito, tinamaan siya. Gusto niya itong kargahin, paupuin sa mesa, paghiwalayin ang mga hita at ipakita rito eksakto kung ano ang nakita niya sa mga mata nito kanina—nag-aapoy na pagnanasa, pangangailangan, ligaya.

Kinailangan niyang makipaglaban para lang mapanatiling kalmado ang sarili.

Pinanood niya ito habang sinisimsim ang tubig. Gusto niyang hawakan ang mamasa-masa nitong bibig, tikman ang mapula nitong mga labi. Tinatawag siya ng mga labi na iyon para halikan, haplusin, lamunin.

Ang butones ng suot nitong puting blusa ay nakabukas hanggang sa kung saan nakatago sa kanyang paningin ang dibdib ng dalaga. Hindi niya napigilan ang pagsulyap sa pahiwatig ng bilugang dibdib nito. Nadama niya ang pagkislol ng kanyang pagkalalaki. Tumikhim siya na para bang makakatulong iyon sa kanya.

Sa kabila ng kaalaman na mali ang tugon niya at tanga siya kung hahabulin niya ito, gusto niya si Cadence.

Kinailangan niyang pigilan ang pag-ungol. Narito ito, ibinibigay sa kanya ang buo nitong tiwala



na siyang panimula ng isang relasyon sa kliyente. Mahalaga iyon, lalo na relasyon nila ni Cadence, at ang nagawa lang niya ay ang isiping punitin paalis ang mga damit nito.

*Ano sa tingin mo ginagawa mo, dude? Kliyente siya, utang na loob. Napaka-vulnerable ng lagay niya ngayon at nandito ka para tulungan siya, hindi para hubaran siya!*

Uminom si Preston ng ice water. Ang mga babaeng naka-date niya ay mga spoiled at mayayaman, at lahat ay mapaglaro. He gave as good as he got, tinrato ang mga babae na parang mga diyosa, pero laging siya ang umaalis.

*Diyos ko naman. Ano'ng iniisip mo? Lalandiin mo ang anak ni Mayor?*

*Oh, yeah.*

Hahayaan niyang ito ang manguna. Kung gusto nito, he'd show her a good time. Pagkatapos ng oras ng trabaho, siyempre. Duda siyang nasa mood itong makipaglandian mamaya sa kabila ng atraksyon nito kanina, lalo na pagkatapos niyang ilantad ang pinaka nakakagulat na balita. Samantala, siya naman ay mangangailangang maglagay ng ilang yelo sa kandungan niya.

“Sabihin mo na sa ’kin,” anito. “Malaki na ako.”

Nagulat siya nang mapuna na naghihintay pala ito. Walang paraan para dahan-dahanin ang susunod niyang mga sasabihin.

“Hindi ba kailangan huminto muna tayo sandali?” ani Preston na nilalaban ang kagustuhang hawakan ang kamay ng dalaga at yakapin ito. Halikan ito. Paghiwalayin ang mga hita nito...

Umiling ang dalaga. “Hit me with all you got. Wala akong bahay o pera at sinabi mo na sa ’kin na niloko ng tatay ko ang nanay ko. Ano pa?”

Nagustuhan ni Preston ang pagsiklab ng pagsuway rito. Ang kampante at masunuring dalagita ay naging isang palaban at independent na babae. Sa palagay niya, agresibo ito sa kama.

“Gaya ng sinabi ko, gumawa ng sekretong trust ang mommy mo. Ayaw niyang ipagsapalaran na i-bankrupt ng iyong ama o ni Victoria ang *Sparkle Industries*. Dahil underage ka pa, ibinigay niya ang mga ari-arian niya sa *Night and Night* para pamahalaan. Siniguro ng mommy ko na magagaling ang mga nagpapatokbo sa kompanya ng lolo mo.”

Idinaan ng kaharap ang dila sa ibabaw ng pang-ibaba nitong labi. Hindi siya nito inaakit; ni minsan

hindi siya binigyang-pansin ni Cadence, ang mahal na anak ni Mayor. Gayunpaman, hindi siya nag-iwas ng tingin. Walang tanong-tanong, he was turned on.

Umikot ang isip niya sa kung ano ang mga gusto niyang gawin dito. Hindi maaari iyon, siyempre. Nakakabigla ang gusto niyang gawin sa dalaga, life-changing. Mahina ito at sasamantalahin niya ang kliyente na nasa isang masyadong emosyonal na estado.

Darating ang araw na malalampasan nila ang gulo na ito. Ngayong umaga, kailangan niyang maging matino. Nasa kanya ang mahirap na responsibilidad na ipaliwanag ang nakaraan ng pamilya.

At mayroon pang iba.

“Naguguluhan ako,” anito. “Sinabi ng tatay ko na ibinenta ng nanay ko ang kompanya.”

“Yon ang gusto ng mommy mo na isipin ng daddy mo.”

“Galit na galit si Daddy n’ong malaman niya iyon,” amin nito. “Ang s’abi niya ibinenta ito ng mommy ko na mas mura kaysa sa tunay nitong halaga.”

“Ang ibinenta niya ay parte lang ng negosyo. Iyon ang minana ng daddy mo nang mamatay ang

mommy mo.”

“Naiwan sa ’kin ang kompanya ng lolo ko?”  
tanong ni Cadence na naguguluhan pa rin.

“Oo,” sagot niya. May good news naman siya  
matapos ang bad news. Ikagagalak niyang ibalita  
iyon sa dalaga.

# 3

Nangatal si Cadence. Bigla siyang nanlalamig. Nagiging telenovela ang buhay niya, pero hindi umaayon sa script ang family drama.

Ang modelong pagsasama ng kanyang mga magulang ay puro pandaraya at pagtataksil lang pala. Pagkukunwari at kasinungalingan. Itinanghal siyang perpektong anak, ang ilaw ng kanilang mga buhay.

Palabas lang pala lahat.

“Maraming iba’t ibang ari-arian ang mommy mo,” paliwanag sa kanya ni Mr. GQ. “Napunta ang karamihan sa iyong ama. Buti na lang, may ilang mga investments na itinago ang mommy mo mula sa ’yong ama at naiwan ang mga ’yon sa ’yo.”

Huminto ito at tinitigan siya ng mga berdeng matang nakapagpapatigil ng tibok ng puso. Hindi ito gumagawa ng kuwento.

Sobra ang kagaguhan ng kanyang ama na napilitang gumawa ng hakbang ang mommy niya para protektahan ang kayamanan nito. Nagkunwari itong ibinenta ang negosyo ng pamilya para may mamanahin si Cadence na hindi maaaring

mahawakan ni Victoria.

“Sinekreto niya ang trust. Natakot siya na kapag nalaman ito ni Edward Burke, gagawa ito ng legal na aksyon,” patuloy ni Preston. “Ang mommy ko at ako, at ngayon ikaw lang ang may alam ng pagkakaroon nito.”

Gaano karami pa bang sekreto ang itinago ng mga magulang niya sa kanya? naisip ni Cadence. Gaano karami pang kasinungalingan?

“Are you alright?” tanong ni Preston.

“This isn’t one of my better days.”

“Naiintindihan ko.” May kagandahang-loob at pagtatangi ang pagkakasabi nito. Sumandal ang lalaki sa upuan. Naramdaman niya na matiyaga itong tao. Na-appreciate niya na hindi siya nito minamadali.

“Gaano karaming pera ba eksakto ang pinag-uusapan natin?” usisa ni Cadence.

“As of nine o’clock this morning, thirty-seven and a half million.” Nanatiling walang ekspresyon sa mukha nito na para bang araw-araw nitong hinahayag ang ganoong klaseng balita.

Hindi niya napigil ang malakas at nakapopoot na tawa na may kasama pang singhal. Niloloko ba

siya nito?

“Seryoso ka?” Pinaypayan ni Cadence ang sarili gamit ang isang kamay habang tila ba sumisikip sa paligid niya ang silid.

Nagderecho ng upo si Preston. Wala siyang intensyon na insultuhin ito, pero thirty-seven million? Halos dalawang beses ang laki noon sa kung magkano ang natanggap ng kanyang ama nang mamatay ang kanyang ina.

Mataman niya itong pinagmasdan. Hindi ito nakangiti.

*Seryoso nga siya.*

“Come on. Maliit na dress factory lang ang negosyo ng lolo ko.”

“Hindi na ngayon.”

Hindi siya naging palasunod sa fashion, pero sigurado siya na hindi isa sa pinakamalalaking pangalan sa mga mararangyang tindahan ang *Sparkle*.

“Pasensya na, Preston, pero masyado itong weird. Naiintindihan ko na naniniwala ka sa sinasabi mo sa ’kin, pero hindi ko maintindihan ang ganoon kalaking halaga. Masyadong imposible. Too out there.”

Ngumiti siya rito dala ng pagiging magalang at tumayo mula sa kinauupuan. Ibinalik nito ang file sa mesa at tumayo na rin.

Umiling siya. Masamang panaginip lang ito.

“Cadence, please, maupo ka muna.”

“Tama na para sa isang araw ang mga narinig ko. Actually, tama na para sa isang lifetime. I need some air.”

Binuklat ni Preston ang file folder na madalas nitong tinitingnan habang nag-uusap sila. Naglabas ito ng isang letter-size envelope. “Hindi ka puwedeng umalis hangga’t hindi mo nababasa ang sulat na ito,” anito.

Naglaho ang ngiting naka-plaster sa kanyang mukha habang tinititigan ang sobre. Kinuha niya iyon at muling naupo. Nasa labas niyon ang kanyang pangalan. Galing iyon sa kanyang ina. Kahit saan makikilala niya ang malinis at feminine nitong sulat-kamay. Namutla siya. Nangangatal ang kanyang kamay habang binubuksan ang sobre at inilabas ang nag-iisang papel. September 5 ang petsa noon. Habang nagbabasa, nakita niya ang luha sa likod ng mga salita.

Ipinaliwanag ng kanyang ina na gumawa ito



ng trust. Kapag nasa tamang edad na si Cadence, sasabihin ito sa kanya kung bakit. Kung may mangyari rito, iiwan nito ang tungkuling magpaliwanag kay Marianne Night.

“Lagi siyang sobrang protective,” ani Cadence habang pinapahid ng likod ng kamay ang mga mata.

“Mahal na mahal ka niya.”

Tumingala si Cadence. “Alam mo naman na kung hindi siya nagpunta sa *Twin Towers* nang araw na iyon, baka buhay pa siya.”

“Huwag mong sisihin ang sarili mo.”

Ibinalik niya ang sulat sa sobre. Tama si Preston. Tapos na iyon. Hindi na maibabalik ang kanyang ina. Hindi niya dapat pagtuunan ng pansin ang pagsisisi.

“Kailangan kong maniwala na minahal ng daddy ko ang mommy ko,” matatag na saad ni Cadence. “Dapat minahal niya si Mommy kasi matagal silang nagsama.”

Tumango si Preston.

“Gusto ko pa ring magsampa ng kaso,” aniya.

“Sigurado ka ba?”

“Sigurado.” Nagngalit ang kanyang mga ngipin.

“Ilalantad ko ang tatay ko at si Victoria.”

“Hindi puwede.”

“Sa nanay ko ang pera. Bakit iyon ang kailangang magpondo para sa ambisyon ni Cyrus at sa pag-aaksaya ni Victoria?”

“Sa tingin ko naman hindi rin malayo ang mararating ng political career ni Cyrus,” sagot ni Preston. “Kawawa siya sa mga kalaban ng mayor.”

“Wala na siyang pag-asa oras na lumabas ang iskandalo na ito.” Hindi na makapaghintay si Cadence na makita ang hambog nitong mukha kapag malaman nitong naging kabit ang ina nito.

“Sa palagay ko, may mga matutuwa kapag nasira ang pangalan ng mga Burke.” Pigil ang tinig ng binata. Binabalaan siya nito sa kung ano ang maaaring mangyari kapag nagsampa siya ng kaso.

“Ano’ng gusto mong gawin ko?” Para siyang kawawa, pero wala siyang pakialam. Hindi iyon makatarungan.

Pinanood siya ng lalaki gamit ang magaganda nitong mga mata.

“Hindi ko puwedeng pabayaang na lang gan’ong nagnakaw sila.”

“Mas marami pang nakataya kaysa sa pera ng daddy mo. Malalaman nila ang tungkol sa secret trust kung magkakaroon ng kaso,” turan nito.

“Baka habulin ni Victoria ang pera sa trust,” bulong niya.

“Baka maipit ng ilang taon ang accounts mo.”

Pinagmasdan niya si Preston. Cool ito, kalmado at mahinahon. Kung sana ay ganoon din siya kakalma, pero malalim ang sugat na dulot ng pagtataksil ni Victoria.

“Ano’ng gagawin ko ngayon?” tanong niya.

“Sa ’yo na ang kompanya.”

“Pamana ng mommy ko.”

At ibang klaseng pamana iyon. Mas marami pa iyong pera sa kahit anong na-imagine niya na mahahawakan niya. Mas marami pa sa kaya niyang gastusin. Pinakawalan niya ang galit at pagkabigo dahil alam niya na oras na para mag-move on.

Binalingan niya ang kaharap. “Kaunti lang ang naaalala ko tungkol sa lolo ko; malaki siyang lalaki na malakas ang boses. Paminsan-minsan, sinasama ako ng mommy ko sa factory.”

Matagal na niyang hindi naisip ang kanyang abuelo. Ayaw na ayaw niya sa pabrika, ang ingay at may mga taong nagtatakbuhan. Isang sikat na modelo ang kanyang lola at, ayon sa alamat ng pamilya, sinimulan ng kanyang lolo ang kompanya, ang *Sparkle Industries*, para sa asawa nito.

*Malamang kasinungalingan na naman iyon.*

“Dadalhin kita doon kung gusto mo.”

“Hindi na. Ayaw ko ’yong makita.”

“Hindi ka man lang curious?”

Umiling si Cadence. “Hindi ako mahilig sa fashion. Ako ’yong batang laging nagbabasa ng libro.”

“Mayroon pa. Higit pa doon.”

Nagulat siya sa kung gaano ito kasensitibo. “Tama ka. Ipapaalala lang sa ’kin ng pagpunta doon ang mommy ko.”

“Gusto niyang mapunta sa ’yo ang kompanya. Pupusta ako, gusto niyang ikaw ang mag-take over niyon para sa kanya.”

“Wala akong alam sa fashion industry, lalo na sa pagpapatakbo ng negosyo.”

“Matalino ka, and you’re savvy. Makukuha mo

rin 'yon."

"Salamat sa vote of confidence." Nagdesisyon siya—ang nag-iisang desisyon na maaari niyang gawin. "Ibebenta ko ang *Sparkle Industries*."

"Sa ekonomiya ngayon? Malulugi ka."

"Mas mabuti na 'yon kaysa pabayaang ko ang mana ko." Tumindig si Cadence. Hindi na niya kayang mas matagal pang nakaupo. "Masarap na ang buhay ko sa thirty-seven million."

"Bakit hindi mo pag-isipan? Malakas ang management team ng *Sparkle*. Patatakbuhan nila ang mga bagay-bagay hanggang sa makapagdesisyon ka."

"Hindi." Binigyan siya nito ng magagandang mga dahilan para panatilihin kanya ang *Sparkle*, pero hindi talaga niya kaya.

"May kilala akong ilang magagaling na real estate agents na nagse-specialize sa commercial real estate. Kailangan mo ng financial planner for tax purposes. Ibibigay ko sa 'yo ang mga numero nila."

"Salamat." Nag-atubili siya. May isa pa siyang pabor na hihilingin. "Gusto kong ang *Night and Night* pa rin ang mamahala sa trust."

"Oo, siyempre."

“Kakailanganin ko rin ng isa para sa sarili ko.”

Ngumiti ang binata. Ang ganda talaga ng ngiti nito.

Dahil tapos nang gumawa ng ilang mahahalagang desisyon, huminto ang utak ni Cadence. Kaninang umaga, galit na galit siya, hindi sigurado kung ano ang gagawin. Pakiramdam niya, kontrolado siya ng isang masamang babae na siyang nagnakaw sa mana niya. Ngayon, si Mr. Night na halos nakasuot ng shining armor–hindi, nakasuot ito ng shining *Armani*–ay nagsasabi sa kanya na mayaman siya. Mas mayaman pa siya kaysa sa gahamang bruha na nang-impluwensya sa kanyang ama na palitan ang will nito.

Maganda ang payo ni Preston. Magagalit sina Victoria at ang mga evil spawn nito kapag nalaman nila ang tungkol dito. Kakailanganing bantayan ni Cadence ang sekreto na ito, at magiging mahirap iyon.

“Kailangan mong pumirma ng ilang mga papeles,” sabi ni Preston.

“Papeles?”

“Oo, legal at tax documents.”

“Oo naman. Pasensya ka na, Preston, sumasakit ang ulo ko. Nakakapagod lang talaga ang araw na ’to. Posible ba na magkita na lang tayo mamayang hapon para pirmahan ang mga papeles—o mas mabuti, bukas ng umaga?”

“Kahit ano’ng oras na gusto mo. Ipapahatid na kita sa driver ko pabalik sa hotel.”

“Sige. Salamat.”

Sobra na ito. Nakadama siya ng hapdi sa kanyang noo at inabot niya iyon para haplusin. Nagbabadyang sumakit nang husto ang ulo niya.

Kinuha niya ang isang bote ng Ibuprofen mula sa loob ng kanyang bag. Kumuha siya ng dalawang tableta at hiniling na sana ay matapos na ang araw. Nilunok niya ang mga iyon at ininom ang natitirang tubig sa kanyang baso. Ibinalik niya ang baso sa mesa.

Agad na nagtungo sa kanyang tabi si Preston. Nangatal siya sa paglapit ng maskulado nitong katawan sa kanya—pero kasabay niyon, nadama niya ang init na sumisingaw mula sa katawan nito. Bumalik sa kanya ang bawat isa sa kanyang mga pilyang kaisipan nang una niya itong makilala, ang mga kaisipang mahigit isang oras na niyang nilalabanan.

Mainit ang hininga nito sa kanyang leeg habang nakatayo ito roon. Ang bilis namang ibinaling sa sex ng pagiging magalang nito ang pag-iisip niya. Sana puwede siyang umikot, ipulupot ang mga braso sa leeg nito at halikan ito. Kailangan niya ng koneksyon, kailangan niyang maging malapit sa isang tao, lalo na ngayon. Maaari siya nitong ilayo sa lahat, kahit pa ilang minuto lang. Bumilis ang tibok ng kanyang puso, huminto sa lalamunan ang kanyang hininga. Binalingan niya ang binata, hindi na kayang kontrolin ang pagnanasa para rito, at napako siya ng masidhi nitong titig. Gusto rin siya nito.

Humakbang palapit si Preston, napakalapit na naaamoy na niya ito. Nakalalasing ang matamis na samyo ng aftershave nito. Nakita niya ang sarili na sinisinghot ang samyo nito.

Masyado siyang naging abala sa pag-aaral na wala na siyang panahon para sa isang relasyon. Ngayon, nakita niya ang sarili na puno ng pangangailangan, ng pagnanasa na bumabagabag sa kanya. Masyadong malapit ang binata... lampas sa kung ano ang nararapat. Kinalaban ni Cadence ang puspos na pagnanasa na isilid ang mga braso palibot ng baywang nito at idikit ang kanyang katawan sa katawan nito. Ang maramdaman ang mga muscles ng lalaki. Ang manuot sa kalamnan niya ang init nito.



Nagdilim ang mga mata ng kaharap dala ng pagnanasa. Bumaba ang mga talukap nito habang pangahas nitong pinaglakbay ang nagbabaga nitong tingin sa kanyang katawan. Nanikip ang kanyang dibdib bilang tugon. Pinanood niyang nanatili sa dibdib niya ang mga mata nito.

Nanakit siya dala ng pangangailangang haplusin siya ng binata. Halos magmakaawa ang kanyang katawan na maramdaman ang mga daliri ng lalaki, o mas mainam, ang bibig nito sa sensitibong dulo ng kanyang mga dibdib. Napaawang ang mga labi ni Cadence. Nagwawala ang mga nerves niya. Gumuguhit ang ligaya sa pagitan ng kanyang mga hita. She was growing slick with need.

Napakabagal na ibinalik ng lalaki ang paningin sa kanyang mga mata. Inangat ng isang pilyong ngiti ang dulo ng mga labi nito at nagtaas ito ng isang kilay bilang pag-anyaya.

Gusto niyang idiin ang sarili sa malapad nitong dibdib. Gusto niyang hablutin siya nito, halikan siya, idampi ang malambot at mamasa-masa nitong mga labi sa kanyang leeg pagkatapos ay bumaba ang mga labing iyon sa kanyang dibdib. Kung gusto siya nitong angkinin sa ibabaw ng mesa, hindi siya makikipagtalo. Nanamnamin pa niya iyon.

Bumilis ang kanyang paghinga nang mahiyain siyang ngumiti rito. Kailangang huminto ito. Kung hindi, mayamaya lang, maghuhubad na siya sa harapan nito at iaalay na ang kanyang sarili.

Tinalikuran niya si Preston, napahiya. Alam niya na marahil ay nakita na nito ang bawat kaisipang tumawid sa utak niya, kahit pa nga ba tila binibigyan siya ng pahintulot ng mga tingin nito. Nahuli niya ang pagnanasa sa mukha nito, ang pag-aanyaya na i-enjoy niya ang ligayang inaalok nito. Gusto na niyang bumigay.

Namula ang kanyang mukha nang mas marami pang sekswal na kaisipan, mga matagal na nanahimik, ang umahon sa isip niya—siya, nakahiga sa mesa at ito, nasa pagitan ng kanyang mga hita. Silang dalawa sa upuan...

Nanlaban siya para pigilin ang mapaungol. Kadalasan naman, mahiyain siya. Ano ba ang ginagawa ng lalaking ito sa kanya?

“Salamat, Preston. Tatawagan kita sa umaga,” halos mabilaukan niyang sambit. Dinampot niya ang kanyang bag.

“Sandali, Cadence.”

Huminto siya bago niya marating ang pinto at

mahigpit na pumikit. *Umalis ka na! Hindi mo 'to kaya.* Sa kabila ng kanyang konsyensya na pinapaalis na siya, hindi siya humakbang. Pero hindi rin siya umikot paharap sa binata. Sa halip, tumingin lamang siya sa ibabaw ng kanyang balikat.

“Sasamahan kita.”

Nagulat siya at sinubukang balewalain iyon. Hindi naman puwedeng sasamahan siya nito dahil umaasa itong maikakama siya nito, hindi ba? “Kasama ba iyon sa serbisyo?”

Sumimangot ang lalaki; nainsulto. Kalahati niya ay gustong malaman kung ganitong klase ba ng atensyon ang ibinibigay ng binata sa lahat ng mga kliyente nitong babae, at ang isa pang parte ay nag-iisip ng—o, eh ano naman ngayon?

Hot ito at interesado sa kanya. Tanga siya kung hihindian niya ito.

Nagpasya siyang samantalain ang pagkakataon. Bakit hindi? Ayaw niyang mapag-isa. Bakit niya nilalabanan ang pagnanasa para rito? Wala naman iyong patutunguhan maliban sa ligaya.

Ngumiti siya kay Preston, natutuwa na hindi pa nawawala ang interes nito dahil sa nakakagalit niyang pahayag. “Okay. I would like your company.

Salamat.”

“Good.” Sumunod ito sa kanya sa pinto at binuksan iyon. Nadarama pa rin niya ang init nito at tumugon ang kanyang katawan. Namintig sa init ang kabuuan niya. Pinagpawisan siya. Baka hindi na siya mag-cool down.

Kapag naisip ng lalaki na angkinin na lang siya roon mismo sa pintuan, papayag siya. Halos mapadaing siya...

*God! Tama na!*

Sinenyasan nito ang receptionist para samahan sila. Naglakad sa pasilyo si Muriel, nakangiti. Sinabihan ni Preston ang babae na ihahatid siya nito sa hotel at ipinakuha ang kotse nito.

Malugod na pumayag si Muriel. Kumembot ito pabalik sa mesa. Nakakapit sa bawat kurba ng katawan ang linen na palda ng babae. Pinanood ito ni Cadence nang may inggit pagkatapos ay nag-iwas siya ng tingin. Para siyang selosang teenager at sigurado niyang mapapansin iyon ni Preston.

Pero masyado nang... *Matagal*, nangatuwiran siya. Matagal na siyang walang nakakasamang guwapong lalaki, lalo na iyong single pa... at grabe, guwapo talaga si Preston Night.

*'Eto na naman ako. Hinga nang malalim, hinga nang malalim. Isa, dalawa, tatlo...*

Sumakay sila sa elevator patungo sa ground floor. Nakatayo si Preston sa harapan niya kung kaya nabigyan siya ng pagkakataong mas masusi itong pag-aralan. Athletic ito, parang thoroughbred. Natatakpan ng jacket nito ang balingkinitang pang-upo na nakapaloob sa pantalon na perpekto ang tabas. Malapad ang mga balikat nito. Gusto niyang idaan ang kanyang kamay sa likod nito at maramdaman ang pagkilos ng mga kalamnan ng binata.

Kahit hot si Preston Night, propesyonal ito. Ang babaeng kaedad niya ay hindi basta nagkakandarapa dahil lamang sa kaunting atensyon.

Tumunog ang bell at nagbukas ang mga pinto ng elevator. Kung anuman ang pinangarap niyang mangyari habang pababa sila sa elevator ay hindi naganap.

*Puwede namang magpantasya, isip niya. Puwede sigurong simulan niyang gastusin ang kanyang biglaang pera, sa paraan para mailabas ang lahat ng init sa kanyang katawan.*

Naghintay sila sa foyer. Isang makintab at itim na *Escalade* ang huminto sa kalye. Pinagbuksan sila

ng pinto ng isang unipormadong lalaki at pinakilala siya ni Preston sa driver nito. “Ito si Frank.”

Matangkad ang lalaki at may malalapad na balikat. Hula niya, bodyguard din ito. Kinilig siya roon. Puno ba ng panganib at intriga ang buhay ni Preston? Malamang hindi. Sa estates at trusts naman kasi ito nagpakadalubhasa. Isa pa, hindi naman kailangan ni James Bond ng bodyguard, di ba?

“Hello, Frank,” sabi niya.

Itinaas ni Frank ang suot na sumbrero sa kanya at bahagyang tumungo. Hindi inaasahan ni Cadence ang pagpapakita nito ng old-fashioned courtesy.

“Pina-practice ni Frank ang softer side niya,” paliwanag ni Preston. Napangiti ang driver.

Inilahad ni Preston sa kanya ang isang braso. “Ladies first.”

Ang gentleman naman nito. Binigyan ito ni Cadence ng isang ngiti ng appreciation, at nang dumaan siya sa tabi nito, saglit na nagdikit ang kanilang mga katawan. Nangatal siya sa marahang ugnayan.

Sumakay kasunod niya si Preston at naupo sila sa dalawang malalaking leather seats sa likuran. Dumiin

ang binti nito sa kanyang hita. Matigas iyon, mainit. Kinagat niya ang labi at sinubukang lumayo.

“Saan mo gustong magpunta?” Idinaan ni Preston ang mga kamay sa hita para ituwid ang pantalon, ngunit parang lalo lang niya nabigyang-pansin ang mga binti nito.

Umayos siya ng upo, umaasang mapipigil niyon ang tensyon na namimilipit sa kaloob-looban niya.

“*The Michelangelo Hotel.*” Binigay niya kay Frank ang address. Hihilingin ba ni Preston na pumasok sa kuwarto niya? Kailangan ba niya itong anyayahan? Kapag pumasok ito sa kanyang hotel room, wala na. Hindi na niya kakayanin. Gusto talaga niya ang lalaking ito.

“Talaga?” ani Preston. “Akala ko mas magugustuhan mo ang hotel tulad ng *Waldorf* o *Four Seasons.*”

“Hanggang ngayon, hindi ko pa kayang magbayad para sa luxury hotel,” aniya.

“Puwede kong papalitan ang reservation mo. Isang tawag lang.”

“Huwag na. Bagay naman sa ’kin ang *Michelangelo.* Gusto ko ’yong historical feel niya. Italian Renaissance ang degree ko kaya sinusubukan kong palibutan ang

sarili ko ng history para mapagana ang muse ko.”

Mukha ba siyang kakaiba? Maiintindihan ba nito ang tungkol sa mga muses?

“Magandang ideya ’yon,” sagot ni Preston habang papalayo sila sa bangketa.

He was really too good to be true, pasya niya. Dapat may problema sa lalaking ito. Walang duda, player ito. Halos hindi pa sila nagkakadikit ay nasa bingit na siya ng paghuhubad at hihilahin na niya ito sa kama.

“Ano’ng pinaplano mo ngayon na nakatapos ka na ng pag-aaral?” usisa nito.

“Ah... the infamous question,” sabi niya, tumatawa. Natuwa naman siya na mas seryoso ang pinag-uusapan nila. Sana malihis niyon mula sa sex ang isip niya. “Tinatrabaho ko ang mga application para sa grant money.”

“Ngayon na napakayaman mo na, hindi na problema ang pera.” Idinaan nito ang kamay sa buhok. Buhok na mukhang malambot. Gusto niyang idaan ang sarili niyang mga daliri roon.

“Hindi na nga siguro. Plano kong mag-travel as much as possible at magsulat. Gusto kong magsulat



tungkol sa mga artists.” Hindi niya napigil ang tunay na mapangiti. Ngayon, maaari nang maging katotohanan ang mga pangarap niya.

“Buti nakahanap ka ng gusto mo talagang gawin. Bihira iyon.”

Sumandal siya sa malamig na leather. Kaswal silang nag-uusap, isang bagay na hindi niya inaasahan dito. Baka may higit pa kaysa sa nakikita niya kay Preston. Alam niya na dapat matalino ito para pasukin ang linya nito sa trabaho. Bukod pa roon, inisip niyang babaero ito. Sa katunayan, umaasa siya na babaero ito para maimbitahan niya itong gawan ng paraan ang pagnanasa niya para rito.

“Masaya ka ba sa trabaho mo?” tanong niya, iniisip kung masyado bang personal ang katanungan.

“Ako? Puwede na.”

“Hindi naman sagot ’yan.”

Bumaling ito palayo nang isang saglit pagkatapos ay sinalubong ang tingin niya. “Gusto ng mommy ko ang abogasya para sa ’kin kaya ginawa ko ito. Gusto ko sanang tumira sa ibang bansa kaya pinalitan ko ang area of expertise ko sa international law at nakabiyahe-biyahe naman ako. Kabubukas ko lang ng opisina sa Paris at n’ong isang taon, nagtatag ng opisina

ang *Night and Night* sa London. Pinagtatrabahuhan ko ang makapasok sa China at siguro sa isa pang European country, siguro Italy.” Nagkibit-balikat ito na parang walang kabuluhan ang pagsisikap nito o ang ambisyon.

“Ang busy mo naman,” komento ni Cadence na na-impress. “Lagi ka sigurong on the go.”

“Oo nga. Nitong mga huling araw, overworked kami sa *Night and Night*. Medyo naging stressful.”

Napagtanto niya na baka sinasayang niya ang oras ng binata, pero ito ang nagboluntaryo na samahan siya pabalik ng kanyang hotel. Bakit ito ginagawa ng lalaki? Ayaw niyang maging isa lang sa mga babae nito... gayunpaman, hindi niya mapigil na pumasok sa kanyang isip ang imahe nilang dalawa na magkabuhol ang mga binti.

“I’m sorry to take you away from your work.”

“Marami naman kaming mahuhusay na empleyado saka maraming tauhan na pinagkakatiwalaan ko. Mahalaga ang tiwala,” turan ni Preston na sinadyang tingnan siya.

Nakuha niya ang ibig nitong sabihin at tumango. “Oo nga.” May isang saglit na hindi siya nagtiwala rito, na naniwala siyang akto lamang ang kabaitan

at pagsasaalang-alang nito sa kanya. Masaya siya na napatunayang mali siya. Hindi man ito bukas at tapat pagdating sa mga relasyon, masasabi niyang interesado ito sa kanya nang mas higit pa kaysa sa business lamang.

Dumating sila sa hotel sa midtown at napakalma siya ng pamilyar na lugar. Huminto si Frank mismo sa no-parking zone. Nagmadali ang bellboy sa gilid ng kalsada at binuksan ang pinto sa likod ng sasakyan.

“Salamat sa paghatid, Preston. Na-appreciate ko lahat ng ginawa mo para sa ’kin ngayong araw, saka sa lahat ng gagawin mo pa sa mga susunod.” Binigyan niya ito ng isa sa pinakamaganda niyang ngiti. Hindi siya nagkukunwari. Nginitian din siya nito. May kapilyuhan sa ngiti ng binata. Nagpasya siyang sumugod na lang. “Libre ka ba for dinner? Ayaw ko kasing kumakain nang mag-isa. ’Yon naman ay kung hindi ka masyadong busy.”

Napangiwi si Cadence. Ayaw naman niya itong pilitin.

Dumampi sa kanyang kamay ang palad nito. Hindi niya alam kung sinasadya ba iyon, pero tumayo ang mga balahibo niya. Kinuyom niya ang kanyang palad at kinagat ang loob ng kanyang pisngi.

Ngumiti ang lalaki. “May alam akong restaurant na baka magustuhan mo.”

“Hindi masyadong magara?”

“Hindi, pero masarap ang pagkain.”

Inipit niya ang kumukulot na buhok sa likod ng tainga. “Sunduin mo ako ng seven?”

“Narinig mo siya, Frank?”

“Alas siete po,” sagot ng driver.

Bumaba ng kotse si Cadence. Inangat ng bellboy ang sombrero nito sa kanya. Naglakad siya papasok ng hotel nang hindi lumilingon, pero alam niyang pinanonood siya ni Preston.

*Ano’ng ginagawa ko? Nakikipaglandian ako sa abogado ko? Inaya ko siya mag-dinner? Pareho nilang alam kung ano ang inaalok niyang dessert. What a crazy idea. Good one, Cadence.*

Ngunit wala talaga siyang pakialam kung may tuntunin silang binabali. Ang tagal-tagal na mula noong huli siyang naging masaya kasama ang isang interesanteng lalaki. Ano ngayon kung abogado niya si Preston at dapat puro negosyo at kontrata lamang sila? Hindi siya naghahanap ng relasyon.

She just wanted to feel good for a change.

And have really awesome sex.

---

Hindi maalis ni Preston ang mga mata sa papalayong pigura ni Cadence Burke. Ang ganda ng katawan nito at mapang-akit na umiindayog ang pang-upo nito habang naglalakad. Damn, she was gorgeous. Pero hindi lang siya naakit ng hot nitong katawan o ang mainit na mga tingin nito sa kanya. Ito mismo, ang kabuuan nito, ang gusto niya.

Kahit sino ang makaalam ng mga nalaman ni Cadence tungkol sa sariling pamilya nang umaga na iyon ay mababagabag. Pero naglakad si Cadence na taas-noo at umiindayog ang mga balakang na bulag lang ang hindi tatablan.

*Yeah, she's coming on to me.*

Ginulat siya nito nang pumayag itong sumama sa kanya sa hapunan. Naisip na niyang ayain ito, pero inisip din niya na masyado pang maaga. Gusto niya itong bigyan ng privacy at panahon na tanggapin ang masamang balita. Mukhang hindi naman ganoong nasaktan ang dalaga sa kung anong nalaman nito, naisip niya.

Sinabihan niya si Frank na ihatid siyang muli sa opisina at dinukot mula sa bulsa ang kanyang *BlackBerry*. May mga tawag siyang kailangang gawin, una na ang magpareserba ng mesa sa isa sa mga paborito niyang restaurants.

Ayaw ng kanyang ina na nakikipagkita siya sa mga kliyente sa labas ng opisina. Hindi nito magugustuhan na makikipagkita siya kay Cadence Burke na may kaso na kailangan nilang pag-ingatan. Wala siyang gagawin na kahit na ano para saktan ang dalaga. Iyon lagi ang bottom line niya pagdating sa kahit na anong relasyon.

Naglaho si Cadence sa loob ng hotel. Ang huling suluyap niya rito nang magsara ang pinto sa likuran nito ay ang pang-upo nito sa masikip na palda. She was a stunner. Tinatawag siya ng malalaking mata nito sa lahat ng paraan. Nagmamakaawa ang mga labi nito na mahalikan. Baka dapat siyang magdagdag ng post-dinner interlude sa isang mamahaling hotel. Siya na ang bahala sa dessert.

Nai-imagine lang niya ang magiging hitsura nito sa ilalim niya, kung anong klase ng panties ang hihilahin niya pahubad.

Dumating siya sa opisina na aroused. Kailangan niyang magkonsentra sa trabaho. Matutuwa ba

*Mr. Temptation - Anabelle Weston*

---

ang nanay niya kapag nalaman ang tungkol sa pagbebenta ng *Sparkle Industries*? Anong klaseng presyo ang makukuha ng babae para sa factory? May mga tatawagan siya, sisimulan na ang proseso.

At papalipasin niya ang araw na iniisip ang napakagandang puwitan ni Cadence Burke.

# 4

Pumasok si Cadence sa lobby. Ang pamilyar na kapaligiran ng *Michelangelo* ang nagpakalma sa kanyang nerbyos. Lagi siya ritong nagtutungo sa tuwing nasa siyudad siya dahil pinaaalala nito ang kanyang masasayang araw. Ngayon, santuwaryo niya ang maliit na boutique hotel.

Noong una siyang nanatili roon, isinama siya ng kanyang ina matapos nitong magtrabaho sa isang fashion shoot. Katuwaan lang na sumama si Cadence. Dahil masyado nang gabi noong matapos ang shoot, gumastos sila at umupa ng isang silid nang gabi na iyon.

Mula noon, ginawa nilang mag-ina na special place ang *Michelangelo*. Isa itong magandang lugar kung saan maaari silang tumakas para mag-shopping o para manood ng isang pelikula.

Kahit pa nang mamatay ang kanyang ina, ipinagpatuloy ni Cadence ang tradisyon. Wala sa kanyang mga kaibigan ang nakaintindi kung bakit. May mga mas magagarang hotel, mga mas trendy. Paano ba niya ipapaliwanag? The funky little hotel kept her muse alive. Lalo na ngayon.



Kataka-takang naintindihan iyon ni Preston Night.

“Good afternoon, Miss Burke,” sabi ng hotel concierge. Kahanga-hanga kung paanong kilala siya ng mga tauhan sa hotel at tinatawag siya sa kanyang pangalan.

*Oh my God, hapon na ba?* Kinuha na pala niya ang buong umaga ni Preston nang hindi niya sinasadya.

“Good afternoon, Melody.”

Pinag-aralan niya ang tattoo ni Melody ng isang paru-paro sa leeg nito. Baka dapat siyang magpagawa ng isa niyon? O kaya belly ring? Ang maaari lang niyang ipa-pierce sa kanyang katawan noon ay ang kanyang mga tainga para sa disenteng pearl studs na ibinigay ng mayor sa kanya para ternuhan ang mga perlas ng kanyang ina.

Dinampot ni Melody ang isang sobre. “May dumating pong sulat habang nasa labas kayo.”

Kinuha ni Cadence ang sulat. Hindi naman sekreto kung saan siya nananatili. Nakasulat ang pangalan niya sa labas. Binuksan niya ang sobre at inilabas ang nag-iisang piraso ng papel.

*I'd like to get together with you. Susunduin kita*

ng alas ocho. C.

Lalong sumakit ang sentido niya sa initial.

“Naaalala mo pa ba kung sino ang nagdala nitong sulat?” tanong ni Cadence.

“Opo. Matangkad siya, asul ang mga mata...”

“Pulang-pula ang buhok?”

Tumango si Melody. “Yong pinakapula sa nakita ko.”

“Cyrus.” Nilamukos niya ang sulat. “Great. Just great.”

“Sorry,” anang kaharap. “S’abi niya sa ’kin, kapatid po ninyo siya.”

“Oo,” turan niya, “pero hindi na ngayon.”

Sanay si Melody na hindi magtanong ng mga personal na katanungan sa mga customers pero halata ang pagkalito sa ekspresyon ng babae.

“Pakitapon naman ito,” sabi ni Cadence na itinutulak ang piraso ng papel palapit dito.

“Sige po.” Inilagay nito ang papel sa isang pabilog na file. “Gusto n’yo bang mag-iwan ng sagot?”

Buti sana kung ganoon lang kadalang palisin ang

hindi niya gustong atensyon ni Cyrus. Napangiwi siya. “Mabuti pa nga siguro.” Kumuha si Melody ng bagong piraso ng hotel stationery mula sa ilalim ng counter. Kumuha ng ball pen si Cadence at sumulat, “*No thanks. Busy ako.*” Itinupi niya ang sulat at inabot iyon kay Melody. “Hindi siya mapipigilan sa pagpunta dito kahit mag-email ako.”

“Sisiguraduhin ko pong matatanggap niya ito.”

Gustung-gustong niyang sabihin kay Cyrus ang tungkol sa kayamanan niya, pero hindi siya maaaring magsalita kahit kailan. Hindi niya ito hahatian sa thirty-seven million o ang ina nito.

Nakaraan na niya si Cyrus at wala siyang intensyon na makita pa itong muli. Nakareserba para sa kanya at kay Preston ang gabi na ito. Dapat silang magdiwang sa isang cozy restaurant at saluduhan ang kinabukasan.

“I’d like a bottle of champagne sent to my room. Yong magandang klase, galing France.”

Mukhang naginhawahan si Melody. “Magse-celebrate po kayo?”

“Oo.”

“Gusto n’yo rin po ba ng lunch?”

“Hindi, champagne lang.” Wala siyang gana, at parang tama na ang champagne.

Nagtungo siya sa elevator. Sa kabila ng sakit ng ulo, pakiramdam niya may enerhiya siya. Nagbukas ang madilim at lumang elevator at pinindot niya ang buton para sa kanyang palapag.

Kanina lang, walang laman ang bank account niya para makabili siya ng mga pangangailangan. Ngayon, umo-order siya ng champagne sa kalagitnaan ng araw. Mayaman siya. At hindi hamak na mas maganda ang pagiging mayaman kaysa sa nangangailangan ng pera.

Nahanap niya ang room card sa mala-kuweba niyang handbag. Huminto ang elevator at lumabas siya, iniisip kung gaano kasaya na maaari siyang gumastos para sa isang baso ng champagne, maligo nang matagal o matulog pa.

Sa unang pagkakataon sa loob ng mahabang panahon, igugugol niya ang isang hapon nang nagre-relax at susundan ng masarap na hapunan kasama ang isang napakaguwapong lalaki.

Bumuntong-hininga siya habang pinagmamasdan ang kanyang silid na maayos na. Walang pagkaantala o pagpapaliban. Inalis niya ang blusa at palda habang

nakatayo sa malaking sitting room at hinagis ang mga iyon sa Italian loveseat na natatakpan ng gold velvet. Nagtungo siya sa banyo at binuksan ang gripo para punuin ang malaki at mapanuksong jacuzzi tub.

Hinila ng isang malakas na katok sa pinto ang kanyang atensyon mula sa tub. Kinuha niya ang isang roba mula sa hook sa pinto ng banyo at isinuot iyon.

Binuksan niya ang pinto. Isang binata ang may hawak ng bote ng alak sa isang kulay pilak na cooler na puno ng crushed ice.

“Perfect,” aniya at pinabuksan dito ang bote.

Marahan nitong hinila paalis ng cork. “Mayroon pa po ba kayong kailangan?”

Umiling siya. “Hindi pa ngayon.” Kinuha niya ang wallet at kumuha ng tip. Kaya na niyang maging generous. Kinumpirma iyon ng ngisi ng lalaki.

Nagsalin siya ng isang baso para sa sarili at sumimsim. Kiniliti ng mga bula ang kanyang lalamunan.

Naubos ni Cadence ang laman ng baso at ibinaba iyon sa tabi ng bote. Nagsimulang mawala ang sakit ng ulo niya. Parang sa iba nangyari lahat ng weird na bagay na nalaman niya nang umaga na iyon.

Tinatawag ng jacuzzi tub ang kanyang pangalan. Kumembot siya, tulad ng receptionist ni Preston, patungo sa banyo at pinatay ang gripo. Nanakit ang lahat ng kalamnan sa kanyang katawan para sa init ng mapag-anyayang mainit na tubig.

Inalis niya ang roba. Kumanta siya ng isang hit ni Elton John habang humahakbang papasok sa bath at sumilid pababa sa ilalim ng tubig.

*“Tiny dancer...”* Huminga siya at pumikit.

Hindi niya na-realize kung gaano niya kakailangan ng break. Ang haba nitong huling dalawang araw. Kailangan niya ng relaxation. Kailangan niya ng pampering. Kailangan niya ng mas maraming champagne.

Naibsan ang tensyon sa kanyang mga kalamnan at nawala ang kanyang sakit ng ulo. May namutawing ngiti sa kanyang mukha nang matunaw ang sakit at ang stress. She'd become a lady of leisure. Panahon naman na.

Inaalala niya ang naging usapan nila ni Preston. Dumaldal siya nang dumaldal tungkol sa mga issues niya at nakinig ito. Luho na ang magkaroon ng isang taong maaari niyang lubos na pagkatiwalaan.

That someone was a deliciously hot man.

Siyempre, naging agresibo siya sa pag-aaya niya rito na maghapunan, at hindi rin business dinner ang ibig niyang sabihin. Tinanggap lang nito ang alok dahil kliyente siya at gagawin nito ang hiniling niya. Sinundot niya ang isang bula at pumutok iyon.

Bukod-tanging abogado si Preston. Hindi madali ang kung ano mang sinabi nito sa kanya. Naging seryoso ito habang nagpapaliwanag at nang maging emosyonal siya, naging malambot ang ekspresyon nito. Pupusta siya nang malaking halaga na sa ilalim ng propesyonal nitong panlabas, may itinatago itong ginintuang puso.

Tama na ang pag-iisip tungkol sa kaguluhan na ginawa ng pamilya niya sa mga buhay nila at kung paano niya gagastusin ang kanyang pera—gusto niyang pangarapin ang katawan na iyon sa ilalim ng *Armani* suit.

Dati naman na siyang na-attract sa mga lalaki, maraming lalaki. May ilan siyang naging mga karelasyon, pero walang seryoso. Siniguro ng mayor na pag-aralan ang mga naka-date niya at galing sa mga tamang klase ng pamilya ang mga ito. Pinilit ng ama na lagi siyang may kasamang bodyguard. Hindi napariwara ang kabataan niya.

Pinaalala ni Preston sa kanya kung ano ang wala

sa kanya. Hindi pa niya nararanasan ang ganoon kasidhing atraksyon, lalo na para sa isang taong kakakilala pa lang niya. He exuded this vibe that played havoc with her body. He was raw sexuality. At hindi mapigil kahit pa ng *Armani* nito na maisip niyang nakahubad ang lalaki.

Hindi naman na estranghero ito. Kaibigan at confidante ng kanyang ina si Anne Night. Matapos ang session nitong umaga, sigurado ni Cadence na iniisip ni Preston ang ikabubuti niya.

Lumubog siya sa tubig at hinipan ang ilang bula. Pinagdududahan na naman niya ang sarili. Parang lagi na lang niyang pinagdududahan ang mga desisyon at mga pinili niya. Bakit ba hindi niya ma-enjoy na lang ang company ng isang guwapong lalaki?

May date siya ngayong gabi kasama ang isang binata na maaaring tumupad sa lahat ng mga pantasya niya.

Kaya ba niyang tahakin ang susunod na hakbang? Masyado bang maraming hadlang para ma-enjoy nilang makasama ang isa't isa? Kahit isang gabi lang?

Baka kailangan niyang mag-ingat bago pumasok sa isang pisikal na relasyon. Ni hindi niya kilala ang lalaki—ang mga gusto nito at ang mga hindi



nito gusto. Baka hindi pa siya nito tipo. Baka lahat ng kliyente nito ay parang sila na ang pinaka-importanteng nilalang sa mundo kung tratuhin ni Preston. Baka itinutulak niya ang sarili para lang mabigo.

Gumawa siya ng ingay na nagpadausdos ng bula sa tubig. Ano ngayon? Halata namang gusto ni Preston Night ang kung ano ang nakita nito sa kanya at libre ito ngayong gabi. Tama na ang kung ano ang alam niya tungkol dito. Isa itong ambisyosong international business lawyer na may mga opisina sa kung saan-saang panig ng mundo. Malamang workaholic ito at walang oras para sa social life. Na maalaga ito sa katawan at gusto niyang alagaan din nito ang katawan niya.

Sumandal si Cadence sa tub. Sandali na lang aalis na siya kapag naayos na ang kaguluhan tungkol sa mga secret trusts. Gusto niyang tumira sa ibang bansa... at magsimulang muli.

May mga opisina si Preston sa Europe. They could hook up from time to time. Hindi; hindi iyon uubra. Magiging abala siya sa pagbibiyahe at pagsusulat. May kompanya itong kailangang alagaan.

Baka hindi magandang ideya ang hapunan kasama ito. Ayaw niyang sirain ang isang magandang

working relationship.

Nagbakasakali na lang siya sa pag-aaya niya sa lalaki dahil sobrang attracted siya rito, at sa totoo lang, nag-iisa kasi siya. Gusto niyang gugulin ang isang gabi nang hindi iniisip ang buhay niyang na-disaster nitong mga nagdaang araw. Hindi siya naging makatwiran sa pagkapit niya sa unang hunk na nakasalubong niya.

Ano ba ang iniisip niya? Umoo man ito, iyon ay dahil trabaho iyon ng lalaki.

*Kawawa naman, pinilit ko siya. Kailangan ko siyang tawagan. Kailangan kong magkansela. Magiginhawahan iyon, isip niya, pero hindi n'on ipapahalata. Magiging considerate si Preston, maasikaso pa nga siguro.*

Tumayo siya mula sa tub at binalot ang tuwalya sa katawan. Sinilip niya ang salamin at tumirik ang kanyang mga mata nang makita madilim na mga marka sa ilalim ng mga mata niya. Hindi siya nakakatulog nang maayos at halata iyon. Mukha siyang haggard at pagod, na siya namang totoo. Pero hindi iyon isang mukha na gustong pagmasdan ng isang lalaki mula sa katapat nito sa mesa.

Sumimangot si Cadence sa salamin at hinanap

ang business card ng *Night and Night*. Dala niya iyon sa appointment kaninang umaga. Nahanap niya ang card sa kanyang bag.

Hinila niya paalis ang tuwalya, naupo sa gilid ng kama na hindi pinapansin ang tumutulo niyang buhok at ang kanyang kahubaran.

Pinindot niya ang numero ng opisina at hinintay na sumagot ang receptionist. Isang ring, dalawa, tatlo...

“Hello?” Sa halip, isang tinig na tunog may pinag-aralan at feminine ang sumagot.

Tiningnan ni Cadence ang tarheta, siguradong pinindot niya ang tamang numero. “Um, yes, sorry, maling number yata ang natawagan ko,” pautal-utal niyang sabi.

“May I ask who you are trying to contact?”

Inulit ni Cadence ang numero.

“You’ve reached Preston’s cell phone,” sabi ng babae. Kinalmot ang puso niya ng maganda nitong tinig na may sensuwal na tunog. Naisip ni Cadence na isang napakagandang babae ang nasa kabilang linya. Na nakaakbay rito si Preston habang nakikipag-usap ito sa telepono, hinahalikan ang leeg nito...

“Puwede ba siyang makausap?” Ginamit niya ang lahat ng lakas niya para hindi durugin ang telepono sa kamay niya at magsalita nang nagngangalit ang ngipin.

“Sandali lang, tatawagin ko lang siya. Sino po ito?”

“Cadence Burke, salamat,” sagot niya. Dinampot niya ang tuwalya at mahigpit iyong binalot sa sarili.

Alam niyang *too good to be true* ang lalaki. May nobya ito o baka asawa pa nga. Dapat ibaba na niya ang telepono. Bukas puwede siyang bumalik sa opisina nito, pumirma sa kahit anong papeles na kailangan nito at ipagpatuloy ang buhay niya.

Malalim siyang bumuntong-hininga, sinusubukang hindi pansinin ang pagsisisi at kahihiyan sa kung anong inisip niya buong hapon. Na kung gaano kaespesyal sana ang gabi na ito. Pero hindi kasi niya inaasahan ang mainit na tingin na ibinigay ni Preston sa kanya sa sasakyan. Pinakitaan rin siya ng binata ng interes tulad ng interes niya rito. Sigurado namang hindi lang niya na-*imagine* *iyon*.

Kung may asawa ito o kung may idine-date na iba, wala na siyang magiging pakialam dito. Umiling siya at sinimulang ibaba ang telepono nang madinig

niya ang malalim nitong tinig sa kabilang linya.

“Hello, Cadence.”

Nalaglag sa sikmura niya ang puso niya at ilang saglit din bago niya nahanap ang tinig niya.

“Hi, Mr. Night, I’m calling about this evening. I appreciate—”

“Ah, yes, nagpa-reserve ako ng seven thirty sa paborito kong restaurant. Sana gusto mo ang sushi.”

“I’m sorry, Preston, hindi ko lang alam kung magandang ideya ang dinner ngayong gabi.”

“Ayaw mo ng sushi?”

“Hindi, gusto ko ng sushi, pero ikaw... I, I just think na baka mas mabuti kung...”

“Sandali lang, sorry.”

Nadidinig niya ang pinahina nitong tinig.

“Salamat, Elise. That’ll be all.”

Naginhawahan siya sa salita na iyon.

“Pasensya na. Tinutulungan ako ni Elise sa software problem. Ano’ng sinasabi mo? Gusto mong baguhin ko ang reservation?”

“Oh, um, hindi na.” This was awkward. “Naisip ko lang kung puwedeng mas late?”

“Oo naman. Gagawin kong pang-eight o'clock na lang ang reservation.”

Eight o'clock? Siguradong maaabutan siya ni Cyrus.

“Hindi, hayaan mo na lang sa dati. Alam kong mahirap ang makakuha ng reservations.”

“Sigurado kang okay ka lang sa sushi?”

“Oo naman. Sorry, magulo ako.”

“No need to apologize. So magkita na lang tayo ng seven?”

“Oo, nasa lobby lang ako.” Baka mapunit na ang balat niya kung palalawakin pa niya ang kanyang ngiti sa labi.

“Okay then.” Kinilig siya sa lalim at pagiging masculine ng tinig nito.

“Okay then,” aniya, mahina, at pinutol ang tawag.

Nahiga siya sa kama at tinakpan ng mga kamay ang mukha. Maaari pa sana iyong maging mas maayos. Baka iniisip ni Preston na tanga siya. Hindi

naman ito nagkakamali.

Di bale na. Nababaliw na siya sa kalakasan ng atraksyon niya sa lalaki. Nagiging mas pabaya siya ngayon kaysa noon. Inaya niya itong lumabas. At dadalhin siya nito sa paborito nitong restaurant. Kung hindi siya nito sinusubukang pasayahin at i-impress, he was trying to get laid. Kahit ano naman ay okay sa kanya. Umikot pataas ang kanyang mga mata at tumawa. Kailangan niyang tumawa. Kung hindi, iiyak siya.

Naupo si Cadence. Kailangan na talaga niya kumalma. Katawa-tawa na siya. She was an adult with a PhD, for goodness' sake. At mayaman, salamat sa nanay niya. Puwede niyang makuha ang kahit na sinong lalaking gusto niya.

Lumundag siya paalis ng kama at nagsalin ng isa pang baso ng champagne. Marami siyang kailangang gawin bago ang gabing iyon. Una, maghanap ng isusuot. Lightheaded and pumped about her dinner date, binuhay niya ang laptop at nag-log in sa *Fashion Trends*.

---

Pinatay ni Preston ang kanyang cellphone. Tumawag si Cadence para magkansela ng date.

Nagpanggap lang siya na hindi ito naintindihan.

Nagsimula siyang maglakad-lakad. Parang napaka-tensed ng babae. Tungkol kaya saan iyon? Dahil kaya babae ang sumagot sa tawag nito? Hindi niya nakaligtaan ang sparks na nagliparan sa pagitan nina Cadence at Muriel nitong umaga. Nagbibiruan lang sila ng huli matapos ang trabaho, pero iyon lang. Hindi niya ito minahal, hindi tulad ng kung paano niya minahal si Cadence.

Sinubukan niya itong i-reassure, indirectly, na sinagot ni Elise ang telepono dahil nasa opisina ito for technical reasons sakaling dahil sa selos at sa pagiging possessive kaya ito ganoon. Binobola lang ba niya ang sarili sa pag-iisip na nagseselos si Cadence?

Nagpatuloy siya sa paglalakad. Bakit ito nagbago ng isip tungkol sa hapunan? Ito ang nag-aya sa kanya. Masaya siyang ayusin ang schedule niya para sa dalaga. Tuwang-tuwa pa nga, eh.

Nakatayo sa may pintuan ang kanyang ina, pinanonood siya. “Kumusta ang meeting mo kay Cadence Burke?”

Huminto si Preston at namulsa. “As well as could be expected.”

“Salamat sa pag-fill in mo para sa akin. Paano



niya tinanggap ang balita tungkol sa affair ng tatay niya?”

“Mabuti naman.”

“What is she like?”

Nagkibit-balikat siya. May mga bagay na hindi dapat sabihin ng isang lalaki sa kanyang ina. “Mabait siya at matalino. Ang pagkakamali niya, kung matatawag man ’yon na kamalian, ay ang loyalty niya sa pangalang Burke.”

“Tatawagan ko siya. Hindi siya dapat mag-isa ngayon.”

“Hindi siya mag-iisa. Magdi-dinner kami sa labas.”

Nagtaas ng isang kilay ang kanyang ina. “Sa tingin mo mabuti ’yon?”

“Sa tingin mo ba may problema?”

“May gusto ka ba na higit pa sa dinner?”

Napangiwi si Preston. Pinaaalala sa kanya ng kanyang ina, sa hindi masyadong tagong paraan, ang marami-rami niyang naging short-term affairs.

“Si Cadence na ang bahala roon,” sagot niya.

“Mabuti,” sabi ng kanyang ina.

Hinagod niya ang isang lugar sa kanyang leeg sa ilalim lang ng hairline niya na parati na lang naninigas sa tensyon. Hindi niya sasaktan si Cadence, not in a million years. Sana may paraan para makumbinsi niya ang ina.

“Bakit daw siya nagpunta dito?”

“Naghahanap siya ng payo. Gusto niyang idemanda ang madrasta niya.”

“Idemanda? Para saan?”

“May pangalawang will si Burke kung saan nakasaad na binibigay nito ang lahat ng pera sa pangalawa nitong asawa at sa mga anak nito.”

“Maraming magiging problema ang kaso,” sagot ng ginang.

“Sa tingin ko, nakumbinsi ko naman na siya na huwag na magdemanda, pero determinado siyang medyo manggulo.”

“Hindi ko talaga nagustuhan si Edward Burke,” saad ng kanyang ina. “Maaaring charming ang tingin sa kanya ng publiko pero kaya niyang maging masama.” Umiling ito na tila ba sinusubukang makalimot. “Hindi ko nakilala si Victoria.”

“The pack of them sound like vermin.”

“Hindi ko masisi si Cadence sa galit niya, pero kailangan niyang pabayaang na lang ang mga Burke.”

Sumang-ayon si Preston. Mas mabuti nang lumayo ito sa lahat ng negative energy. Dalawang magkaibang epekto ang nalaman ni Cadence nitong umaga. Nalaman nitong mandaraya at manloloko ang ama nito, ngunit napangalagaan naman ng ina nito ang mana ng dalaga. Kaya nitong maging mapagbigay sa mga natitira sa pamilya nito.

“Sinabi mo ba sa kanya ang tungkol sa *Sparkle*?”  
usisa pa ng kanyang ina.

“Hindi siya natuwa na mamanahin niya ang negosyo ng lolo niya. Gusto niyang ibenta.”

“Sana maghintay muna siya. Hindi magandang ideya na gumawa ng mga desisyon kapag emosyonal.”

“Ipinaliwanag ko sa kanya, pero determinado siya.”

“Gusto kong dumalaw siya sa pabrika bago siya gumawa ng huling desisyon.”

“Hindi niya gagawin 'yon. S'abi niya marami lang siyang maaalalang masasakit na bagay.”

“Pero kakailanganin niya.”

Hinintay ni Preston na magpaliwanag ito.

Pumasok ng silid ang ginang at naupo sa pinakamalapit na upuan. Halata ang pagod sa mga linya sa palibot ng mga mata at bibig nito.

“Sasabihan ko si Muriel na dalhan tayo ng mga sandwich saka kape,” ani Preston.

Bumuga ng hangin ang ina. “Huwag na. May consultation ako in five minutes. Kailangan ko lang maupo.”

“The court case went well?”

Mapagwalang-bahala nitong ikinampay ang isang kamay. “Siyempre.”

Naupo si Preston sa mesa niya. Nararamdaman niyang may pinaglalalabanan itong sabihin sa kanya.

Matapos ang ilang minuto, tiningala siya nito. “May kailangan kang malaman. Something that must be kept confidential.”

Humilig paharap si Preston. “Opo naman.”

Bumuntong-hininga ang kanyang ina at nagkrus ng mga binti. “Tungkol ito kay Edward Burke. Hindi siya ang tatay ni Cadence.”

Napasandal si Preston sa kanyang upuan. “Unbelievable. Sasabihin mo ba kay Cadence? Kailangan niyang malaman ito. Hindi patas na magtago ng sikreto na ganitong kalaki sa kanya.”

“Sasabihin ko sa kanya. Patay na si Audra at tama na ang paghihirap ng kawawang bata.”

Kulang na sabihing nakadama siya ng ginhawa. “Alam mo ba kung sino ang biological father niya?” tanong ni Preston.

“Tinawagan ko siya matapos ang 9/11,” nakasimangot na anang kanyang ina, “pero hindi ko pa siya nakikilala.”

“Sana matanggap niya ang isang anak.”

“I wonder. Naisip mo bang baka hindi siya ’yong klase ng ama na kailangan ni Cadence?”

“Hindi naman puwedeng iwasan ang katotohanan,” sabi ni Preston, alam na may panghihinayang sa kanyang tono.

“Makakalabas din si Cadence sa kaguluhang ito, sigurado ako.”

“Finding out she isn’t related to the Burkes will devastate her.”

“Hindi kaya matuwa pa siya? Hindi siya natutuwa sa bagong asawa ng ama niya o sa mga anak nito.”

Naisip ni Preston na sana maaari niyang iligtas si Cadence sa sakit kapag malaman nitong impostor lang ang lalaking pinaniwalaan nitong tunay na ama. Mas masama pa roon, ni hindi ito sinubukang hanapin ng tunay nitong tatay para maging parte ng buhay nito.

“Alam ba ni Burke na hindi niya anak si Cadence?”

“Ang s’abi sa ’kin ni Audra, naghinala raw ito.”

“Bakit ni wala sa kanila ang nagsabi?”

“Nakasagabal ang ambisyon nito na maging mayor.”

“Yon ang dahilan kung bakit inalis niya si Cadence sa will niya.”

“Siguro. Wala namang may alam kung ano ang alam niya. Kamalasan lang, mabubulgar ang lahat ng katotohanan ngayon.”

“Baka hindi naman masama iyon,” aniya.

---

Sinulyapan ni Cadence ang kanyang relo. Alas seis y medya na. Lumampas ang hapon nang

hindi niya masyadong napapansin salamat sa *Veuve Cliquot's finest*. Paungol na nagprotesta ang kanyang walang lamang sikmura.

Tiningnan niya ang mga fashion websites at ibinaling ang atensyon sa paghahanap ng matitirhan. Walang nakaagaw sa kanyang pansin sa mga listahan sa New Haven. Bukas titingnan niya ang West Haven at ang ilan pang maliliit na bayan na nakapalibot sa lugar.

Mabilis siyang naligo, inilatag sa kama ang damit na isinuot niya sa graduation party at isinuot ang itim at lacy thong at ang katerno nitong bra. Sa kabila ng sinabi niya kay Preston—na hindi talaga siya mahilig sa fashion—gusto niyang magmukhang maganda.

Matapos patuyuin at iunat ang buhok, nagbihis siya at tumingin sa salamin.

Pinananatili niyang maganda ang katawan bilang yoga junkie at runner. Itinatago ng kapayatan ng kanyang katawan ang kalakasan niya. Walang maipipintas sa tindig niya—salamat sa kanyang ina na walang sawa siyang niyayamot tungkol sa shoulders back, back straight at kung anu-ano pa. Laging nagpapakita ng tiwala sa sarili ang kanyang ina, at ng kagandahan na mapagmalaking hinangaan ni Cadence.

Niyayakap ng damit ang kanyang balakang at pang-upo bago lumuwag sa ibaba. Huminto ng anim na pulgada sa taas ng kanyang mga tuhod ang laylayan ng bestida. Dahil sa kombinasyon ng high-heeled black shoes at sa paraan kung paano kumapit sa tamang mga lugar ang kanyang damit, nagmukhang mas mahaba ang kanyang mga binti kaysa sa tunay nilang sukat.

Mababa ang tabas ng crepe bodice, tama lang para magpakita ng kaunting cleavage, panukso lang imbis na paglantad, at tamang finishing touch ang kulay pilak na sinturon. Pinapakita niyon ang kanyang best feature—ang balingkinitan niyang baywang.

Namilipit at umikot siya sa harap ng salamin, sinusubukang maghanap ng iba pang magugustuhan niya. Hindi masyadong maliit ang kanyang mga dibdib, pero sana lang talaga mas malaki ang mga iyon. Tumingin siya sa ibabaw ng kanyang balik at para mapagmasdan ang pang-upo.

Bubble butt. Iyon lang ang paraan para ilarawan ang puwit niya. Tumawa siya. Para mas mabigyang diin at para na rin hindi niya masyadong seryosohin ang sarili, inuga niya ang pang-upo. Sigurado siya, kung hindi siya runner, pangungunahan na ng puwit niya ang buo niyang katawan sa laki niyon.



Naglagay siya ng makeup. Hindi siya ang tipo ng babae na makapal mag-makeup dahil mas gusto niya ang natural na hitsura. Kadalasan naglalagay lang siya ng blush para i-highlight ang cheekbones at nagdadagdag ng kulay sa kanyang talukap para i-enhance ang kulay asul niyang mga mata.

Ngayong gabi kailangan niya ng malaking pagbabago, lalo na sa pangingitim ng kanyang mga mata. Naglagay siya ng maraming tinted foundation, concealer at blush. Nilinyahan niya ang mga mata gamit ang kulay itim na eye pencil at maraming nilagay na mascara. Kumurap siya sa kanyang repleksyon nang matapos. Hindi na niya kamukha ang sarili.

Mapapansin ba ni Preston? Iisipin ba nito kung sino ba talaga si Cadence Burke?

May magagandang mga mata ang babae. Adorable eyes. And a nice, firm ass. Hindi lang siya ang nag-iisang babae na nakapansin niyon. Nakita niya ang hitsura ni Muriel.

Matapos ang masidhing pag-aaral sa sarili, nagpasya si Cadence na nagpaganda siya sa paraan na maaakit ang isang sopistikadong lalaki.

Umaasa siyang magugustuhan ni Preston ang

hitsura niya. Alam niyang katawa-tawa, pero hindi niya mapigil na gustuhing matuwa ito. Umaasa siyang tumabi kasama nito sa kama ngayong gabi para sa ilang long-overdue sex.

Muli niyang tiningnan ang sarili sa salamin at sumimangot sa bigla niyang nadamang pagkabagabag. Okay lang ba talaga ang hitsura niya? Masyado bang makaluma ang damit? Masyadong mahinhin? Paano kung dumating ito nang naka-tux? Hindi naman nito sinabing formal.

Hindi, hindi, hindi, hindi siya maaaring mag-alala tungkol sa damit niya. Sana nga mas nagpapakita pa iyon ng mas maraming cleavage o hita pero huli na para maghanap pa ng iba.

Nakita niyang seven-fifteen na nang tingnan niyang muli ang kanyang relo. Wow, ang tagal pala niyang naghanda. Bakit ba nerbyos na nerbyos siya?

Paano kung gusto lang palang makipag-usap ni Preston tungkol sa kaso? Binigyan niya ang sarili ng isang di-sumasang-ayon na tingin at hinablot ang jacket at bag. Maayos ang hitsura niya. Magiging maayos ang lahat.

Huminga siya nang malalim, binuksan ang pinto at isinara iyon sa likuran niya.

Napakatagal ng elevator ride pababa ng lobby. Humugot siya ng magkakasunod na malalim na hininga para subukang mag-relax. Sinabi niyang makikipagkita siya rito sa lobby, pero kailangan pa niya ng mas maraming oras para kalmahin ang sarili. Kailangan niyang mas mag-deep breathing. Kailangan niya...

---

Halos mabutas na ni Preston ang sahig sa hotel lobby sa kahihintay kay Cadence. Hindi siya nakapagtrabaho kaisip dito kaya umalis siya sa opisina nang kalahating oras na mas maaga kaysa sa karaniwan.

Napakarami niyang emails na kailangang sagutin at dalawang tawag na kailangang ibalik. Mukhang tumatatag ang deal sa London. Maganda ang presyo ng property. Dapat tumawag siya sa real estate agent at pag-usapan ang mga kailangang gawin. Inabot niya ang kanyang *BlackBerry* mula sa kanyang sinturon pagkatapos ay nagbago ng isip.

Dapat ipaalam niya kay Cadence na dumating na siya. O baka huwag na. Ayaw niyang isipin na nawala sa kanya ang kanyang legendary cool.

Nakababagabag ang sinabi sa kanya ng ina

tungkol sa tatay ni Cadence. Dapat nitong malaman ang katotohanan ngunit magiging mahirap ang pagsabi niyon. Mas gusto pa niyang ang ina na lang ang magbahagi ng masamang balita. Nakita niya ang reaksiyon nito sa masamang balita kanina at muntik na siyang patayin niyon. Ikagugulat iyon ng dalaga. Magbabago ang loyalty nito sa mga Burke. Kapag nagsimulang magtanong si Cadence, hindi niya kakayaning patuloy na itago ang sekreto na ito sa dalaga.

Nag-ping ang elevator at nagbukas at naroon na ang hinihintay niya.

Napahinto si Preston. Nablangko ang kanyang utak. Walang duda, ito ang pinakamagandang babaeng nakita niya. Bumilis ang tibok ng kanyang puso. Pinilit niyang manatiling tuwid ang katawan habang mapangahas niyang pinagmasdan ang katawan nito.

Man, did he want her.

Tuwid siyang tumayo, a man with a bad case of lust. Walang makakakita sa kanya na hindi iyon ang iisipin. Hindi ba angkop ang tugon niya sa dalaga? Si Cadence na ang bahalang humusga.

# 5

Inabandona si Cadence ng kakarampot niyang kumpiyansa sa sandaling makita si Preston sa lobby. Sobrang nag-init ang kanyang mga pisngi. Nakita niya sa kanyang harapan ang bawat erotic na kaisipan niya.

*Buwisit! Higanteng sweat ball na ako at ngayon mas matinkad pa sa strawberry ang mukha ko!*

Nakadama siya ng ginhawa nang makita na hindi nga ito naka-tux. He looked irresistible, napaka-sopistikado sa suot nitong *Armani* kung saan ipinapakita ng maskulado nitong katawan ang seksuwalidad nito.

Nanikip ang dibdib niya, nagnanasa na mahaplos nito. Kinakabahang binasa niya ang mga labi bago itinikom ang bibig. Mas lalo lang niyang pinahahalata ang nerbyos. Not a good move.

Gusto ba nito ang nakikita? Was she trying too hard? Inaasahan ba nitong magsusuot siya ng mas seksing bestida? Baka dapat siyang gumawa ng excuse para ikansela ang date nila.

Date naman ito, hindi ba?

“Hi, Cadence,” bungad nito na pinakurba sa isang seksing ngiti ang mga labi.

Nasisiyahan nitong itinaas-baba sa kanya ang paningin. Humila ito ng isang balumbon ng wild flowers mula sa likuran nito. Magaganda ang mga iyon. Natuwa siya sa pastel colors at kasimplehan ng mga bulaklak.

“Salamat,” aniya. Sana sexy rin ang ngiti niya. “That was sweet of you.”

Naglaho ang lahat ng plano niya na manatiling kalmado at mahinahon, na umarte na parang acquaintances lamang sila. Kinuha niya ang mga bulaklak at ibinaon ang kanyang mukha sa mga iyon para hindi nito makita na namumula siya.

“I thought you deserved them pagkatapos ng araw na ’to.”

Sana tumigil muna ito sa pagiging abogado kahit sandali. Kung susubukan niyang kalimutan ang tungkol sa nalaman niya kaninang umaga, subukan man lang sana nitong tumulong.

“Kakasimula pa lang ng araw ko,” matapang niyang tugon.

Kumislap sa kapilyuhan ang mga mata nito.

Gustung-gusto niya ng lalaking kayang maging playful.

“Ilalagay ko muna sa tubig ang mga bulaklak. Do you mind coming to my room?” Oh God, sinabi na talaga niya. Kalimutan na ang hapunan... baka puwedeng mag-order na lang sila ng room service. *Cadence, hindi!*

“No, of course not. ’Yon din eksakto ang iniisip ko.”

Gusto nitong umakyat. Dinalhan siya nito ng bulaklak para may excuse ito na umakyat sa silid niya. Bumilis ang puso niya at biglang nanuyo ang bibig. Namilitik ang bawat pulgada ng kanyang balat. Tumayo ito sa tabi niya, the scent of his cologne so tangy, spicy, masculine.

Gusto niyang idikit ang mukha sa leeg ng binata, idaan ang mga daliri sa buhok nito. Langhapin ang amoy nito at padaanin ang dila mula sa leeg hanggang sa mga labi nito.

Pinindot niya ang buton, at dumoble ang nerbyos. Hindi siya komportable sa lalaking ito—he made her feel on the edge, na parang mayamaya lang ay matutunaw na siya.

Tahimik silang umakyat hanggang sa palapag

niya. Hindi siya napakalma ng musika sa elevator. Binuksan niya ang pinto gamit ang kanyang card at sinundan siya ni Preston sa loob ng silid. Sinulyapan niya ito sa salamin nang ilagay niya ang bouquet sa mantel sa itaas ng fireplace. Ang guwapo talaga nito. Ni walang lukot ang suot nitong slacks. Perpekto ang tupi at ang ganda ng sukat. Wala siyang magawa kundi lamunin ito gamit ang kanyang mga mata. May nagbabadya ring umbok sa likod ng zipper nito.

*Yes!*

Nakahalukipkip ito habang pinanonood siya. Inalis nito ang pagkakabutones ng jacket na suot. Dumagundong ang kanyang puso dala ng simpleng galaw na iyon. Niyayapos ng damit nito ang muscles sa dibdib ng binata.

“Make yourself comfortable,” aniya.

Tumaas ang blood pressure niya nang luwagan nito ang pagkakabuhol ng kurbata at tinanggal ang pagkakakabit ng pinakataas na butones ng damit nito para hayaan siyang masilip ang kayumangging balat ng lalamunan nito. Pinagpantasyahan niya na mag-alis pa ito ng pagkakabutones ng damit ng binata, na idinadaan niya ang mga kamay patawid sa malapad nitong mga balikat at dibdib at... Baka hindi na talaga sila makalabas para maghapanan.



Pinagmamasdan niya ito na parang gutom na tigreng handa nang lumundag ngunit hindi iyon magandang hakbang. Ibinalik niya ang paningin sa mga bulaklak. “They really brighten up the room, thank you.”

“Natutuwa akong nagustuhan mo.”

Ngayon, wala na siyang masabi. Ayaw niyang makipag-usap. Gusto lang niyang idikit ang mga labi sa mga labi ng binata at halikan ito sa susunod na isang oras.

“Kumusta ang sakit ng ulo mo?” usisa ni Preston.

“Mas mabuti na pakiramdam ko.”

Huminga siya nang malalim, tinuwid ang mga balikat, inayos niya ang hitsura hanggang sa hindi na niyon ipinapakita ang tunay niyang nadarama, bago niya binalingan ang lalaki.

Nagtungo ang paningin nito sa bote ng champagne na nakaupo sa tabi ng laptop niya. Kalahati na lang ang laman niyon.

“Nag-celebrate ako nang nakabalik ako,” aniya.

Sumimangot ito. “Akala ko na-upset ka.”

“Dahil napamanahan ako ng ganoon karaming

pera? Hindi, ano.” Pinagmasdan siya nito at hindi siya nag-iwas ng tingin. Na-disappoint ito sa kanya. Alam niya iyon dahil sa talas ng tingin nito at sa matatag na linya ng panga ng binata. “Hindi ako kadalasang naglalasing sa tanghali,” paliwanag niya. Bakit ba siya gumagawa ng excuses?

“Hindi ka na galit tungkol sa will ng tatay mo?” tanong nito.

Patago siyang umungol. Bakit ba gusto nitong makipag-usap? “Hindi na masyado, pero hindi ako magkukunwari na paborito ko ang evil trio.”

“That’s an honest answer.” Hindi niya inaasahan ang mahina nitong tono.

“Huwag na nating pag-usapan ang pamilya ko ngayong gabi. Let’s have some fun,” aniya. Kinakabahang hinalungkat niya ang kanyang bag.

“Handa na ako,” sagot nito, nakangiti.

Ikiniling niya ang ulo at hinayaang bumaba sa harap ng pantalon nito ang paningin. “Napansin ko nga.”

Nagtungo siya sa pinto. Matutunaw na siya kung hindi sila kaagad gumalaw. Kailangan niya ng hangin.

Mabilis itong nakahabol at pinagbuksan siya ng

pinto. Masyado itong malapit sa kanya at kinailangan niyang magmaniobra para maiwasang masagi ito.

Bago siya makalakad palabas ng silid, hinawakan ni Preston ang pupulsuhan niya. Agad siyang huminto, gayon din ang tibok ng puso niya. Tahimik nitong isinara ang pinto at nanatili siyang nakatayo, nakatitig sa binata habang nakasandal sa malamig na kahoy.

Mangyayari na. Hahalikan siya nito, hindi ba? Binasa niya ang mga labi. Hindi niya maialis ang mga mata sa mga mata ng kaharap. Nanikip ang dibdib niya. Nag-init ang kanyang katawan. Nagmakaawa para sa isang ugnayan ang kanyang balat, hinihintay ito.

Ilang pulgada lang ang layo ni Preston sa kanya. Wala na ang pag-aagam-agam na ipinakita nito kanina lang. Napalitan ng nag-iinit na tingin ang nagdadalawang-isip nitong ekspresyon.

Nagbukas siya ng bibig para may sabihin pero bago pa niya nailabas ang mga salita, nagbabadya na sa ibabaw ng kanyang bibig ang bibig nito. Hindi siya makapag-isip kahit isang dahilan kung bakit hindi niya dapat tanggapin ang alok nito.

Inabot niya ito at hinalikan ang binata sa mga

labi, isang mabini, marahang halik. Nagliyah ang mga ugat niya at parang nagsayaw ang isang libong tinik ng ligaya sa kanyang kalamnan. Nanatili siya roon nang ilang segundo na ilang pulgada lang ang layo ng kanyang bibig mula rito, Naghihintay, gustong halikan din siya ni Preston.

Ngunit hindi nito ibinalik ang halik.

Nang sa wakas ay lumayo siya, hindi siya nito pinigilan. Humigpit sa pagsisipi ang kanyang katawan. Pinagsisihan niya ang ginawa. Masyado ba siyang nag-assume? Nakakaasiwa tuloy. Nag-iwas siya ng tingin. Natigilan siya nang idantay ng lalaki ang kamay sa kanyang pisngi.

Nakita niya kung ano ang inaasahan niya. Nagbabaga ang berdeng mga mata ni Preston, naging madilim sa pagnanasa ang mga iyon. He desired her. Hindi siya nito tinanggihan. Lumampas ang isang walang hanggan habang pinanonood niya ang mabagal na paglapit ng mukha nito. Bumilis ang paghinga niya kasabay ng kanyang puso habang hinihintay na haplusin ng mga labi nito ang mga labi niya.

Bago pa siya makahugot ng hininga, dumampi sa kanyang mga labi ang malalambot nitong mga labi. Mabilis lamang na halik iyon, pero nakadama siya ng

kilig. Namilitik ang kanyang mga labi sa kung saan dumampi ang halik nito. Nangatal ang buo niyang katawan dala ng paghihintay.

Muling inilapat ni Preston ang mga labi sa kanya, malambot, walang hinihingi. Humaplos sa kanyang bibig ang dila nito para tikman siya. Pinaghiwalay niya ang kanyang mga labi at nagsayaw sa loob ng kanyang bibig ang dila nito para haplusin ang sa kanya. Mapanukso iyon. His tongue pulled back and she pushed her tongue forward, wanting to taste more. She wanted to suck his tongue back into her mouth. Inangat nito ang bibig mula sa kanya, iniwan siyang nananabik sa haplos nito.

Kumurap siya, sinusubukang paglinawin ang isip. Nang tumingin siya sa mga mata ng lalaki, nakita niya ang malalim na pagnanasa na nagpanginig sa kanya. Gusto niya itong hilahin patungo sa kama para ipakita nito sa kanya ang lahat ng ligaya na ipinangako ng mga labi na iyon.

“Wow,” aniya. “You should patent your kisses.”

“You’re not so bad yourself.”

Idinaan niya ang kamay sa kanyang buhok. “Hindi ko kadalasang nilulundag ang mga lalaking maglalabas sa ’kin para mag-sushi.”

“Mabuti naman.”

“Exception ka sa rule.” Clumsy ang pagkakasabi niya niyon.

Malamang alam nito na nagbabaga ang bawat parte ng katawan niya, na namimilitik siya sa pag-asam. Nadarama niya ang pangangailangan, ang hapdi dala ng kagustuhang hawakan siya nito. Magaling siyang magtago ng mga emosyon, pero hindi ngayong gabi. Malaya na siya sa gapos ng pagiging anak ng mayor. Niloko ng walanghiya ang kanyang ina. Wala siyang obligasyon dito o sa reputasyon nito.

Tonight she would take this ride and damn the consequences.

Dumamping muli ang mga labi ni Preston sa kanyang mga labi. Dahil matapang siya, ibinuka niya ang bibig at hinayaang marahang sundan ng kanyang dila ang hugis ng mga labi nito. Umungol ito at nilaliman ang halik. Mahigpit nitong hinawakan ang magkabila niyang kamay at itinaas ang mga iyon sa ibabaw ng kanyang ulo habang idinidiin ang katawan sa kanya.

Sinapo ng katawan niya ang kahandaan nito at nakadama siya ng matinding ligaya. Inarko niya ang katawan para mas madama pa ang init ng lalaki.

Tinakpan ng bibig nito ang sa kanya. Mahigpit ang hawak ng mga daliri nito sa mga daliri niya bago iyon nagbuhol habang nakasandal siya sa pinto. Ipinulupot ni Cadence ang binti sa balakang ng binata para hilahin ito palapit. Huminga siya nang malalim sa ugnayan. He was hard, thick and pressed with just the right amount of pressure against her. Nangatal siya.

“Whoa,” anito. “Sigurado ka ba?”

“Mukha ba akong hindi sigurado?” sagot niya. “Don’t stop.”

Pareho silang umungol nang idiin pa nito ang katawan sa kanya. Mga damit na lamang nila ang sagabal sa ligaya na pareho nilang gusto.

Maligayang huhubarin na sana niya ang mga hadlang nang sandaling iyon pero bigla itong tumigil. Hawak pa rin nito ang kanyang mga kamay sa itaas ng kanyang ulo, idinikit nito ang pisngi sa kanya.

Habang bumabagal ang kanyang paghinga, isinatinig ni Cadence ang kanyang iniisip. “Hindi ba puwedeng mamaya na lang ang hapunan?”

“Hindi ka ba nabibilisan sa ’tin?” untag ni Preston sa kanyang tainga at nangatal siya sa magkahalong sensuwal nitong bango at ang init ng hininga nito sa kanyang leeg.

*Hell, no.*

“Hindi,” turan niya. Ang tanging galaw lang na ginawa niya ay ang pagbaba ng paa niya sa sahig.

Mabagal na pinaghiwalay ni Preston ang kanilang mga daliri at naglagay ng nakakapasong halik sa kanyang namamagang mga labi. Pagkatapos ay pinakawalan siya nito.

Hindi siya nakatutuwa na mas malakas ang self-control nito kaysa sa kanya.

“Cadence, I...”

Inilagay niya ang isang daliri sa mga labi nito. “Wag kang mag-apologize.”

“Hindi ako dapat nagte-take advantage sa...”

“Isang kliyente?” kutya niya. “Puwedeng bang kalimutan mo muna ang mga Burkes kahit isang gabi lang? Ako kasi nagawa ko, eh.”

“Mabuti pa, umalis na tayo.”

Nagkibit siya para itago ang disappointment. “Whatever you say.”

Binuksan nito ang pinto. Dumampi sa kanyang braso ang kamay nito. Nagustuhan niya ang epekto niyon sa kanya. She was giddy. She was lighthearted.



Handa na siya para ikama ito. Ang pinakaimportanteng tanong ay kung bakit ito nagbago ng isip.

*Sino ba ang nagte-take advantage kanino?*

Habang bumababa ang elevator, pinaulit-ulit ni Cadence ang halik at nilabanan ang kagustuhang itulak ang kasama sa dingding hanggang sa halikan siya nitong muli katulad kanina. Halos umawit ang katawan niya para rito. Namimilitik ang kabuuan niya. He could kiss her senseless for all she cared.

Tumikhim siya. Kailan pa siya naging ganito kainit? Kailan pa siya naging ganitong uri ng babae?

Naghihintay si Frank sa nakabukas na pinto ng *Escalade*. Ang macho nito sa suot na leather jacket. Una siyang sumakay at sinulyapan si Preston. Nagtama ang kanilang mga paningin at nag-aanyaya ang mga mata nito. Naupo ito sa tabi niya, kinuha ang kanyang kamay at pinisil iyon.

Umakyat ang apoy sa kanyang braso at dumerecho sa bawat ugat sa katawan niya. Tumitibok ang katawan ni Cadence para sa muling pagdikit ng katawan nito sa kanya. Naging napakasensuwal ng pakikipaghawak-kamay nila at muli niyang na-imagine na itataas nito iyon sa itaas ng kanyang ulo habang inaangkin siya.

Bumilis ang kanyang pulso. Ang landi niya ngayong gabi. Natuwa pa siya nang maisip na mapangahas siya.

Binigyan ni Preston si Frank ng address sa downtown. Sa Tribeca. Sweet. Lumayo sila sa bangketa. Sumandal si Cadence at inihilig ang ulo sa headrest.

“Naaalala kita n’ong sixteen ka,” sabi ni Preston.

Ibinaling niya ang ulo para tingnan ito. Hindi kasing-seryoso ng ekspresyon ng binata ang tinig nito. “Talaga? Matagal na iyon, ah.”

“Halos sampung taon na.”

“Medyo naaalala kita. Matangkad ka na payat at nakasalamin.”

“Ako nga ’yon,” sabi nito.

“Parang lagi kang malungkot.”

Umangat ang isang sulok ng bibig nito. “Marami akong iniisip.”

“Nagpunta ka ba sa libing ni Mommy?” tanong niya.

“Oo. Sinamahan ko si Mommy.”

“Talaga? Nag-usap ba tayo?” Sana mas marami pa siyang maalala, pero malabo sa kanya ang araw na iyon.

“Tinanong mo ako kung nasaan ang banyo. Hindi ko maalalis ang mga mata ko sa 'yo.” Kahit sa madilim na ilaw, na-mesmerize siya ng mga mata ng binata. And his lips, full and luscious, begged her to try them out again for size.

“Ah talaga?” tukso niya.

“Naaalala ko na binigyan ako ng mommy ko ng tingin na nagsasabing ‘tumalikod ka nga saka punasan mo 'yang laway mo’.” Mababa ang tawa nito at hinaplos niyon ang kanyang kalooban.

Parang imposible na gusto siya nito noon pa at hindi niya iyon nahalata. Suwerte lang siguro, base sa naranasan niya kanina sa silid niya, na gusto pa rin siya nito.

“Sinisiguro ko sa 'yo na malaki na ako kaya puwede mo na akong tingnan hanggang gusto mo.” Nakatakas ang isang pilyang tawa mula sa kanya. “Hindi ko lang sigurado 'yong sa paglalaway ha.”

Puwede niya itong kumbinsihin na napansin niya ito ngayon, pero kulang ang mga salita. Naisip niyang maglilis ng bestida at maupo sa kandungan

nito. Napangiti siya sa imahe. Bababa ang kanyang mukha sa mukha nito habang mahigpit nitong hawak ang balakang niya at magtatama ang kanilang mga labi, passion for passion.

Mababawasan ba niyon ang pagkapormal ni Preston? Ano pa ang hinihintay niya?

Isinilid niya ang mga daliri sa buhok nito at hinila ang binata palapit. His tongue, hot and wet, swirled with hers as they kissed in a mind-blowing frenzy.

Nanguna na ang euphoria. Mabubuhay siya sa sandaling iyon for a change, kasama ni Preston. Naglalakbay sa kanyang dibdib ang mga kamay nito, humaplos ang mga hinlalaki sa tuktok niyon. Mainit ang bibig nito sa kanya. Nasa gilid siya ng mataas na bangin, handa nang tumalon at walang pakialam sa mga kahihinatnan. Pinaghandaan ng kanyang katawan ang bawat galaw nito, gutom para sa mga iyon. Isa pang minuto ng torture na ito at mababaliw na siya.

Mahigpit niyang hinawakan ang kamay ng binata at hinila iyon pababa sa kanyang katawan. Nilaliman niya ang halik nang dumiin at humaplos ang mga daliri nito sa pagitan ng kanyang mga hita. Hinaplos niya ang matipuno nitong dibdib, pababa sa tiyan nito at hindi siya huminto sa sinturon ng binata. Gusto

niya itong haplusin at iyon ang ginawa niya.

Umungol si Preston sa haplos niya at bumilis ang kilos ng kamay nito. Nangatal ang kanyang mga binti habang binibigyan siya nito ng ligaya. Hinaplos siya nito, marahan, mabilis, tama lang ang diin. Naglakbay ang mga labi nito mula sa bibig niya pababa sa kanyang leeg at marahang kinagat ang kanyang collarbone. Nagtungo sa kanyang dibdib ang kabila nitong kamay.

“Oh God,” ungol niya.

“You’re so hot... I want you so bad,” bulong nito na nasa tuktok ng kanyang dibdib ang mga labi. Hinila nito ang kanyang pang-itaas at tinakpan ng mainit na bibig ang puno ng isa niyang dibdib sa ibabaw ng kanyang bra. “You smell so good, taste even better.”

Walang ibang maisip si Cadence kundi ligaya. Kung ano ang ginagawa nito sa kanya gamit ang mga kamay at bibig, ang paraan kung paano namimintig ang katawan nito. Gusto niyang punitin paalis ang mga damit ng binata at angkinin ito roon mismo sa kinauupuan nito.

“Come for me, Cadence,” utos nito. “I want to watch you come and think of what we can do later

through dinner.”

Huminto ang paghinga niya sa mga kataga nito. She was so close. Sparks of pleasure fired along her nerves. Nangangatal ang kalamnan niya at sa isa pang haplos ng mga hinlalaki ni Preston, sa isa pang tikim sa kanyang dibdib mula sa mga labi nito, lumipad na si Cadence.

“Andito na po tayo, Sir,” panggagambala ni Frank mula sa intercom.

Bumuntong-hininga si Cadence. Tumawa si Preston. Sana mabilis lang ang hapunan.

Hinalikan nito ang kanyang mga labi. Nasa pagitan pa rin ng mga hita niya ang mga daliri nito. “Okay ka lang ba?” tanong ni Preston.

Binasa niya ang kanyang mga labi. “Oh yeah.”

“Tatapusin natin ito pagkakain.”

“Walang duda.”

Lumabas siya ng caddy at nakita kung saan siya nito dinala.

*Nobu.* Nadinig niya na kailangan ng anim na buwan para lang makakuha ng mesa roon. Nakahanap nga ito ng espesyal na lugar. Sinamahan siya nito

sa sidewalk. Inayos nito ang sarili—kahit hindi ito gumalaw, hindi nito maitago na gusto siya nito.

Binalingan niya ang binata at ngumiti. “Good choice. Masarap daw ang pagkain dito.”

“Oo nga,” sagot ni Preston.

Mahigpit niyang hinawakan ang kamay nito. “Pakiramdam ko, bata ako na binigyan ng candy.”

“Gusto kitang ma-impress.”

“Na-impress mo na ako.”

Giniya siya ni Preston patungo sa entrance ng restaurant. Muling umikot sa kung saan-saang direksyon ang kanyang isip, inaalala kaninang hawak siya ng matatag nitong mga kamay, hinahaplos siya.

Kung gusto siya nito, maaari siya nitong makuha. Hindi siya makikipagtalo. Hindi magpapakipot. Kahit ngayon pa, dito mismo sa lobby ng restaurant, tatanggapin niya ito.

Tumawa siya. Baka hindi na iyon PDA. Sobra na iyon para sa anak ng dating mayor.

“May nakakatawa ba?” untag nito.

“Iniisip ko lang kung paano maiiskandalo ang management kapag hinalikan mo ako dito kagaya

ng paghalik mo kanina sa SUV.”

“Gusto mong malaman kung ganoon nga ang mangyayari?”

Nanlaki ang kanyang mga mata sa pagkukunwaring hintakot. Maliban sa gabi na ito, ni hindi niya naisip na may gawain na tulad niyon.

“Behave yourself,” sabi niya. “May reputasyon akong kailangang alagaan dito.”

“Hindi na ngayon.”

Pinisil niya ang kamay nito. Tama si Preston. Hindi na nag-e-exist ang perfect daughter.

Habang pinapangunahan niya ito papasok ng resturant, napansin niya kung paano ito pinanood ng ibang mga babae, kung paano ito sundan ng tingin. Lumapit siya sa kasama, possessive sa paraan na hindi tulad ng ugali niya. Sa kanya ito ngayong gabi. How dare they look at him. Siyempre mukha lang siyang timang. Guwapo ang abogado. Pinapakita lang ng mga babae ang pag-appreciate ng mga ito sa isa sa pinakamagandang mga bagay sa buhay.

Naupo sila sa tabi ng bintana. Bumubuo ng excitement ang mga ilaw ng siyudad at ang mga taong nagkakagulo sa labas. Isinumpa ni Preston na



expert ito sa chopsticks, pero nang dumating ang order nila na sushi, lumipad ang tuna roll nito sa ere. Napasinghap siya at tinakpan ng dalawang kamay ang bibig para subukang hindi bumungisngis habang pinanonood na lumapag ang lumilipad na piraso ng isda sa baso ng sake ng isang matandang babae na naging dahilan ng pagtapon ng inumin sa kasama nitong lalaki.

Nakasuot ang babae ng crepe sheath na mababa ang tabas at nagpapakita ng medyo may kalakihan nitong cleavage. Isipin na lang kung saan pa maaaring lumanding ang isda.

Nangibabaw ang tawa. Bahala na, pasya ni Cadence. Hindi na niya itinago ang mga nadarama. Malakas siyang bumungisngis.

Tumayo si Preston, may magkahalong kumpiyansa at pagpapakumbaba sa mga mata.

“Pasensya na po.” Tumungo ito sa matandang babae na pinandilatan ito. Hiningi nito sa waiter na padalhan ng bagong inumin ang magkapareha at ito ang magbabayad. Kinuha nito ang wallet mula sa bulsa ng suot na jacket at inabot ang isang business card sa lalaki. “Pakipadala na lang po ’yong dry-cleaning bill sa ’kin.”

Napigil ng pagiging maalalahanin at ng charm ng binata ang pagiging mapang-away ng matanda at napangiti ito ni Preston matapos ang ilang segundo. Sinamahan ang matanda ng kasama nito sa pagtawa.

Ngumiti si Cadence nang muling maupo si Preston sa tapat niya. Ito ang kabuuan ng lahat ng gusto niya sa isang lalaki. He was perfect.

Dinampot nito ang chopsticks.

“Sigurado ka ba na alam mo’ng ginagawa mo? Para kasing deadly weapons ’yan sa ’yo,” tukso ni Cadence.

“Sa tingin ko, sasang-ayon ’yong ale sa ’yo.” Ibinaba nito ang chopsticks at dinampot ang tinidor. “Dito na lang ako.”

“Puwede ka namang magkamay,” aniya na may mapanuksong kindat.

“Technically, ’yon ang tamang paraan ng pagkain ng sushi.” Ikinilos nito ang mga daliri at nagkainteres siya sa kung ano pa ang maaari nitong gawin gamit ang mga iyon.

Masarap ang pagkain. Wala siyang maipintas sa serbisyo. Soothing ang musika sa background dala ng malambot na pag-awit ni Alicia Keys. Nakinig si

Cadence nang ikuwento ng binata ang tungkol sa practice nito at ang kagustuhan nitong magtayo ng opisina sa London.

Sa tuwing magtatama ang paningin nila, bumabaliktad ang puso niya.

“Magiging mas abala ako kaysa dati,” saad nito sa pagitan ng mga pagsubo.

Tumango si Cadence. “Kailan ko makikita ang mommy mo?”

“Bukas. Puwede ka bang magpunta sa opisina ng alas diez?”

“Oo at hindi.”

Nagtaas ito ng kilay.

“Depende sa kung paano ang takbo ng gabi ko.”

“Huwag mo na ’yang pakawalan, Hija.” Tapos nang kumain at paalis na ang matandang babae na naging biktima ng flying appetizer ni Preston.

“Sa tingin ko nga rin po.” Ngumiti si Cadence na bahagyang namula ang mukha.

Tumungo ang babae at bumulong sa tainga niya. Medyo lasing ito. “Kung mas bata lang ako...”

Tiningnan ni Cadence si Preston. Medyo mayabang ang ngiti nito. Pinanood niyang magkahawak-kamay na naglakad palabas ang dalawang matanda.

Nakadama siya ng pananabik. Ng pagiging kompleto. Ano ba ang mayroon sa kanya? Naging hopeless romantic na siya dahil lang sa ilang mga halik at haplos.

Walang masama kung makikipag-fling siya. Lalo na kung ang kasama niya ay isang lalaki na isang milya ang listahan ng magagandang katangian. At ang galing pa nitong humalik.

Tumakbo ang imahinasyon niya sa kung ano pa ang puwede nitong gawin, kung saan pa maaaring maglakbay ang mga daliri nito, ibang mga lugar na hahalikan nito.

Natuloy ang pagkain nila na wala nang iba pang insidente. Iyon na yata ang pinakamasaya niyang gabi sa loob ng matagal na panahon. Magkasundong-magkasundo sila. Excited siya na malaman na namamangha rin ito sa history, at nagpalitan sila ng mga kuwento tungkol sa pagpunta nila sa ibang bansa. Kababalik lang nito mula sa Paris noong isang linggo kung saan nainsulto nito ang landlady nito dahil tinawag ito ng binata na *mademoiselle*. Dinagdag ni Cadence ang quirky sense of humor sa

listahan nito ng magagandang katangian. Pinapatawa siya ni Preston hanggang sa manakit ang tagiliran niya.

“May apartment ka sa Paris?” tanong niya.

“Isang *pied-á-terre*.”

“Gusto ko ’yong makita,” sabi niya at naisip na inimbitahan na niya ang sarili.

“Makikita mo rin ’yon balang araw,” turan nito. Parang siguradong-sigurado ito. Hindi niya pinagdudahan ang sinseridad ng lalaki.

Inalis ng waiter ang kanilang mga pinggan at nagdala ng tsaang dalawang maliliit na tasa. Nagsalin si Cadence at nagdagdag ng isang pakete ng *Sweet’N Low* sa tsaang niya. Walang halo kung mag-tsaang si Preston.

“Dati ayaw na ayaw kong lumalabas sa publiko,” amin niya rito matapos ang ilang simsim. “Laging may mga paparazzi na sumusulpot, kumukuha ng larawan. Hindi nila ako tinatantanan.”

“Kaya ka ba nagtago sa New Haven?”

Sumimangot siya. “Hindi naman ako nagtatago. Nag-aaral ako. Nagre-research.”

“Sa university library.”

“Saka sa Museum of Art,” protesta niya.

Tinakpan nito ang kanyang kamay. “Don’t be defensive. Mahirap maging anak ng politiko at alam ko kung ano’ng pinagdaanan mo.”

Naisip niyang alam nga ni Preston at hindi lang nito sinasabi ang mga salita para magmukhang mabait. Isa ito sa mga taong nagsasabi ng kung ano ang ibig talaga nitong sabihin.

“Salamat sa simpatya.” Ngumiti siya.

“Mahalaga sa ’kin ang kaligayahan mo.”

Masyado nang nagiging seryoso ang usapan na ito. “Let’s have some fun,” aniya.

“Ano’ng naiisip mong gawin?”

She wanted Preston to spend the night with her, to make love to her. “You’ll see.”

Ginamit nito ang cell phone para tawagan si Frank. Naghihintay na ang SUV nang bayaran nito ang check at nakagamit na siya ng ladies’ room.

“Saan tayo pupunta?” tanong ni Preston.

“Sa hotel ko, Frank.”

Tumango ang malaking lalaki at nagtungo uptown.

Inayos niya ang sarili at binalingan ang binata. Malamang alam nito kung gaano ito ka-irresistible. Ano ngayon kung isa lang siya sa marami nitong mga babae?

Dumating sila sa kanyang hotel. Tumikhim si Frank.

“Gusto mong umakyat muna for a drink?” tanong niya kay Preston. Hindi siya huminga at kinagat ang pang-ibabang labi. Tumingin siya sa labas ng bintana para itago ang mukha na sigurado niyang kakulay ng sunset sa New England.

“I would love to.” Lumabas ito ng SUV.

That was easy. Pinagbukas siya ng pinto ni Frank. Naroon na si Preston na nakaumang ang kamay para tulungan siyang makalabas.

“Tatawagan kita kapag kailangan kita,” anito sa driver.

Kumindat si Cadence sa lalaki na tinugon nito.

May tumunog na cell phone.

“Akin ’yon,” sabi ni Preston. “Excuse me sandali.”

Hinila nito ang telepono mula sa case na nakakabit sa sinturon nito. Pinagmasdan ni Cadence ang maliwanag na hotel entrance habang may kausap ito.

Ano ang ginagawa niya? Ayaw naman niyang magmukhang desperado. Baka dapat wala siyang iba pang gawin bukod sa pag-alok dito ng inumin. Baka tama ito. Dapat mag-usap sila, mas magkakilala.

Sino ba ang niloloko niya? Nangangati na siyang pagalain ang mga kamay sa hubad nitong katawan. Pumayag ito na umakyat kasama niya para sa round three. Hindi ito interesadong makipag-usap. Baka nga hindi pa nito makuhang magsalin ng inumin, nalundag na niya ito.

“Cadence, I have to apologize,” anito na may pagkayamot at pagkabigo sa perpektong mukha. “Kailangan kong umalis. May nangyari sa London office namin.”

Itinago niya ang sariling disappointment. “Don’t worry about it.”

“How about a rain check?”

“Sure.” Tumalikod siya para iwan ito. Gusto niyang makaalis sa sidewalk.

“Susunduin kita para mag-almusal bukas bago



natin puntahan si Mommy?” tanong nito mula sa likuran niya.

Binalingan niya ito. “Almusal? Hindi ako kadalasan nag-aalmusal.”

Nakahabol si Preston sa kanya at hinablot ang kanyang braso. “May bagel at coffee shop na malapit sa opisina ko.”

Bumuntong-hininga siya. Hindi niya kayang humindi sa power of persuasion ng binata. His touch sealed the deal. “Okay. That sounds great.”

Tumungo ito para halikan siya, pero umiwas siya. Ayaw niyang halikan siya nito dahil lang sa obligasyon.

“Salamat sa dinner. I had a fabulous time.”

“Ako rin.” Pinakawalan siya ng binata.

Ang ganda ng gabi niya kasama ito. Gusto talaga niya ito. Gusto niya itong makitang muli kahit pa para lang sa almusal. Hawak nito ang *BlackBerry* sa isang kamay, handa nang may tawagan.

*Huwag ka ngang maarte, naisip niya. Ilang pagkakataon lang ba ang mayroon ka para halikan ang isang matinong lalaki?*

Hinarap ito ni Cadence, binalot ang mga braso sa leeg ng binata at pinaglapat ang kanilang mga labi. Hinalikan din siya nito. Grabe, hinalikan talaga siya nito! He sucked on her lower lip sending her body into spasms.

Napilitan siyang lumayo dahil alam niyang kapag nagpatuloy sila ay baka maghubad na siya sa sidewalk.

Tumawa siya. Kailan ba siya naging ganito kapilya?

“That’s better,” anito na hawak siya sa baywang. “I’m truly sorry our evening has to end so soon.”

“Yeah? Well...” Puwede siyang magsabi ng isang bagay na matalino, sopistikada, pero pinili niya na maging tapat. “Alam kong busy ka saka masyado na kitang inabala ngayong araw.”

Pinakawalan siya ng binata. “It’s been my pleasure.”

“I’ll see you in the morning.” Ngumiti siya at sa kabila ng pagsigaw ng katawan niya para sa isa pang halik, nagtungo siya sa entrance habang binibigyan ang balakang ng dagdag na kembot para sa lalaki. Tumulak siya palampas ng revolving door at nang nasa loob na siya ng hotel, tumingin sa labas. Wala

na roon ang Caddy.

*Ang bilis naman tumakas, isip niya. Pupunta ba talaga ito sa opisina? Baka gumawa lang ito ng dahilan para takasan siya. Maaga pa sa London. Sino ang ganoon kaaga magising?*

Pinagalitan niya ang sarili sa pag-iisip niyon. Nakakatawa siya. Bakit niya sisirain ang isang maganda at erotically charged na gabi dahil sa insecurities niya?

Pero hindi niya mapigil ang sarili. Lagi niyang kasama ang pagdududa.

Nagbukas ang elevator at sumakay siya roon. Pinindot niya ang buton para sa kanyang palapag at malalim na bumuntong-hininga. Sumara ang pinto at sumandal siya sa salamin na dingding. Halos umamin na si Preston na matagal na siya nitong gusto. Gusto siya nitong makita ulit kinabukasan para mag-almusal.

Pinagmasdan niya ang kanyang mukha. There was a dreamy quality to her expression that amused her.

Ganoon talaga. Bagong araw na lang bukas.

Mali na bumigay siya sa impulse, hindi ba?

Kakikilala pa lamang nila. Saka hindi talaga siya dapat ma-involve sa kahit na sino. Marami siyang kailangang asikasuhin, lalo na't aalis siya sa condo niya at maghahanap ng trabaho.

Nagbukas ang elevator at malungkot na naglakad si Cadence palabas sa pasilyo.

Nami-miss na niya si Preston.

Nahanap niya ang room card sa ilalim ng bag niya at binuksan ang pinto. Hinagis niya ang bag sa sahig ng kanyang silid.

Naglakad siya patungo sa double doors ng kanyang silid, pabagsak na nahiga sa kama at madramang ipinatong ang isang braso sa ibabaw ng kanyang mga mata. Napangiti siya.

Hindi siya mahilig sa drama, pero nakakagulat talaga ang araw na ito. Halos matupad ng gabi ang lahat ng mga hiling niya. Halos.

Nakatulog siya sa kung nasaan siya.

Napanaginipan niya si Preston.